


# ANG KAPANAHUNAN NG IGLESYA NG TIATIRA

 Ngayong gabi tayo'y...Bago mismo tayo dumako sa dakilang kapanahunan na ito ng iglesya...Ako'y—ako'y sadyang umaasa na ibubuhos ng Panginoon ang Kanyang Espiritu sa atin nang sadyang...at pagpapalain tayo muli. At 'yung mahahalagang bahagi lang ang mabibigyang-diin natin ngayon dahil, sa dakilang kaganapan na ito na parating, tayo po'y narito nang buong sanlinggo. At, oh, kagabi tayo'y nagtamasa talaga ng maluwalhating panahon!

<sup>2</sup> Buweno, ngayon bago mismo natin basahin ang Mga Kasulatan, maaari ba tayong mag-iba ng ating—ating posisyon pansumandali at tumayo muna para sa pagdulog na pananalangin.

<sup>3</sup> Aming Mapagbiyayang Makalangit na Ama, kami po'y dumudulog sa buong-kasapatan na Pangalan ng Panginoong Jesus, na nababatid na balang araw Ikaw po'y darating. At sinisikap namin na maihanda ang mga puso ng mga tao na tanggapin ang dakilang kapahayagan na ito na Ikaw ang nabubuhay na Anak ng Diyos; hindi patay, kundi buhay magpakailan man; at nabubuhay sa Iyong Iglesya bilang ang Saksi ng Pentecostes, ng dakilang panahon na 'yun kung kailan ang panahon ng pagpapanariwa'y dumating mula sa Presensya ng Panginoon. Kami'y nagagalak na tamasahin ang mga panahon na ito rito pagkatapos ng labing-siyam na daang taon.

<sup>4</sup> At, Ama, may pagpapakumbabang iniyuyuko namin ang aming mga ulo bilang paggalang sa dakilang mga kalalakihan na ito sa mga kapanahunang nagdaan, ang mga bituwin na 'yun na Iyong tangan sa Iyong kamay, na Iyong sinabi na, “mga anghel ng Mga Kapanahunan ng Iglesya,” ang mga ministro. Ganoon na lamang na pinasasalamatan Ka namin para kay San Pablo, ng Efeso. Ganoon na lamang na pinasasalamatan Ka namin para kay Ireneo, Oh Panginoon, si Ireneo na dakilang lingkod Mo; at para kay San Martin; at ngayong gabi para kay San Columba. Panginoon, ganoon na lamang na pinasasalamatan Ka namin dahil sa mga kalalakihan na ito. Sa gitna ng madilim na Romanismo, paganismo na pumapasok sa iglesya, sila'y matapang na tumindig para sa pentecostal na Mensahe at pagpapala, pagsasalita sa iba't ibang wika, at sa—at sa dakilang mga tanda't mga kababalaghan, sa pagpapagaling ng mga maysakit, at pagbubuhay ng mga patay.

<sup>5</sup> Marami sa kanila, Panginoon, ang hinapak, at pinatay, at pinakain sa mga leon; itong grabeng mga bagay na ito na nangyari. Ang lupa'y napaliguan ng dugo po ng matutuwid. At, Ama, ang kanilang dugo'y sumisigaw ngayon laban sa masama't, mapangalunyang iglesya na 'yan. At sinabi Mo, balang araw kapag Iyong ibubuhos. . . "Ibinuhos ng anghel ang mangkok sa ibabaw nito, at ang—ang dugo ng bawat martir ay nasumpungan doon."

<sup>6</sup> Panginoon, Iyo pong tulungan kami na kamtin...na mahandang tumindig ngayon, dahil ang panahon ay nalalapit na. Yamang nakikita namin ang hayop na may dalawang sungay na umaahon mula sa lupa, hindi mula sa kakapalan ng karamihan ng mga tao, "Na may mga sungay na gaya sa isang kordero, pero ito'y nagsasalita na gaya sa dragon." Nananampalataya kami na ang oras na 'yan ay malapit na ngayon, Ama, na ang mga kaiglesyahang ito'y nagsasama-sama na, "Gumagawa na ng imahe na tulad sa hayop"; at magiging kalunus-lunos mismo sa grupo na 'yun, Panginoon, na mga hindi aanib. Ang mismong pagboboykot ay mangyayari na, pero sa oras na 'yun Iyo pong ipinangako na kukunin ang Iyong Iglesya. Iyo pong tulungan kami, Panginoon.

<sup>7</sup> Bago pumatak ang isang patak ng tubig, si Noe ay nasa loob na ng daong. Bago tumama ang apoy sa Sodoma, wala na roon si Lot. Ama, nananampalataya kami, na bago pasabugin ng atomikong mga puwersa ang mundong ito na magpira-piraso, ang Iglesya'y nakaalis na. Kami'y nagagalak, Panginoon. At, nalalaman namin na ang mga bomba'y nakasabit na sa mga silungan ng eroplano, ngayong gabi.

<sup>8</sup> At kami'y makatitingin sa Langit at makikita ang Anak ng tao na tumitindig mula sa Kanyang Luklukan para magsimulang magpunta sa lupa para sa Pag-agaw ng Kanyang Iglesya, at nalalaman na ang Kanyang kalugud-lugod na mga paa'y hindi sasayad sa makasalanang lupa sa oras na 'yun; gaya ng kung papaanong si Rebekah noon ay sumakay sa kamelyo at bumaba ng kamelyo, sa pagitan ng bahay ni Abraham, na doon sa kaparangan ay kanyang sinalubong ang kanyang nobya. Oh Diyos, at ang Iglesya'y kakatagpuin ang aming Nobya sa alapaap, "Kung magkagayon tayong nangabubuhay at nangatitira ay hindi sasansalain o hahadlangan sila na mga nangatutulog. Ang pakakak ng Diyos ay tutunog, ang mga patay kay Cristo ay babangon unang-una, at tayo'y aagawin paitaas na kasama sila para katagpuin ang Panginoon (sa parang) sa alapaap, at magpakailanman na makasama Siya."

<sup>9</sup> Oh, Iyo pong tulungan kami, sa gabing ito, Panginoon. Iyo pong pagkalooban kami ng katimyasan sa aming mga espiritu, at tanggalin Mo ang lahat ng kapaitan at pagsasawalang-bahala palayo sa amin, at nawa kami'y malusaw sa Espiritu Santo. Ibunsod na ang Anghel ng Diyos ang mamahala sa gabi pong ito.

<sup>10</sup> Panginoon, hindi ko po alam ang sasabihin sa mga taong ito. Ngayon, dala ko po rito ang mga kasaysayan at mga bagay na isinulat ko tungkol sa bagay na Iyong ginawa, pero kinakailangan po mismo na Ikaw ang magpaliwanag ng hinaharap, kaya dalangin ko na Iyong ipagkakaloob ito sa pamamagitan ng Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

<sup>11</sup> Ngayon bumuklat na tayo ngayon sa Aklat ng Apocalipsis. At tayo sa gabing ito’y nasa kapanahunan ng iglesya ng... Sa ikaapat na kapanahunan ng iglesya, Tiatira, dakilang kapanahunan ng iglesya na mas kilala bilang Madilim na Kapanahunan. Ang kapanahunan ng iglesya’y nagsimula noong 606 at pagkatapos ay nagtapos noong 1520. Aking... Ang ginawa ko lamang, ay kinuha ’yun. Maraming mga iskolar ang itinuturing—itinuturing si Saint Patrick bilang ang bituwin o ang... bawat... .

<sup>12</sup> Ang *pitong bituwin* ay ang “pitong anghel” ng Pitong Kapanahunan ng Iglesya. Alam natin bukas ng gabi, nang walang pag-aalinlangan, si Luther; at pagkatapos si Wesley. Hindi pa natin alam kung sino ang bituwin na ito ng iglesya ng Laodicea. Ito’y... Narito na tayo sa kapanahunan na ito, narito na tayo mula pa noong 1906 sa pagpapasimula noon ng Pentecostal. Pero magkakaroon nga ng isang anghel na susugpuin ang lahat ng mga dogma, ihahanda ang Iglesya sa Pag-uwi nito. Ngayon, may ilang dalubhasa ng—ng... sa Espiritu, na babangon na may kalakip na mga tanda’t mga kababalaghan. Ngayon, dalangin ko na tutulungan tayo ng Diyos para maalaman ito.

<sup>13</sup> Kinukuha ko ito, sa pagsisiyasat ko, si Saint Patrick ay isang dakilang lalaki. At binasa ko ang ilang matanda’t sinaunang mga manuskrito, si Saint Patrick ay hindi Katoliko. Siya’y nagprotesta laban sa iglesyang Katoliko. At noong panahon ng Repormasyon, ang dogma na mayroon sila’y naungkat, at pinatunayan dun na si Saint Patrick ay nagprotesta laban sa iglesyang Katoliko. Haya’t... Si Saint Patrick ay maituturing na lalaki ng organisasyon, may sarili siyang eskuwelahan. Una siyang... noong siya’y kidnapin sa pampang ng dagat, siya, at ang kanyang dalawang mumunting kapatid na babae na wala na siyang balita mula noon. Sila’y kinuha, marahil dinala sa Roma at ipinagbili bilang mga alipin. Kinuha rin siya’t ipinagbili bilang alipin at nabigyan ng trabaho na mag-alaga ng mga baboy.

<sup>14</sup> Nagsanay siya ng mga aso para bantayan—bantayan ang kanyang mga baboy, at kung ano pa, at ’yung mga aso’y sumusunod sa iba’t ibang ungol at kung anu-ano pa na kanyang ibinibigay sa mga aso. At ’yun ang naging daan niya para makatakas, sa ilalim ng isang bangka, noong tabunan siya ng mga aso hanggang sa siya’y makarating sa dagat. Paglaon ay nakarating siya sa sarili niyang kalugud-lugod na bayan, sa

Irlandes, at natagpuan niya ang kanyang nanay at tatay na buhay pa. At si Saint Patrick ay—ay pamangkin ng dakilang si San Martin.

<sup>15</sup> Na, isa sa pinaka dakila na mayroon tayo sa hanay ng mga kalalakhian mula pa kay Jesus Cristo, si San Martin nga. Ang kanyang mga iglesya’y napupuspos mismo ng Espiritu Santo, lahat ay nagsasalita sa iba’t ibang wika, may mga tanda’t mga kababalaghan, at mga himala, lahat nga ng uri ng mga himala na nagaganap. Kanyang iningatan ang Pentecostal na pananampalataya sa gitna ng kapanahunan ng iglesya na ’yun na ikinasal sa Katolisismo, ang paganismo’t mga Nicolaita’y ikinasal na magsama, na bumuo ng isang organisasyon, at ibinunsod ang mga—ang mga Nicolaita, na ang tawag natin sa kanila ay *nikao*, na ang ibig sabihin ay “manlupig, lupigin, o supilin,” ang mga ordinaryong miyembro ng iglesya, at kunin palayo ang Espiritu Santo mula sa kongregasyon, at “ang pari lamang ang banal, siya lamang.” Kita n’yo? At pagkatapos nga’y ang mga tao’y namumuhay sa anumang paraan na nais nila, sa tingin ko, at basta’t nangungumpisal ka lang daw dun sa pari. Tapos sila . . .

<sup>16</sup> Nasaliksik ko kagabi, na—na kanilang itinalaga sila, na itinalaga ni Constantino ang unang obispo, at nilagyan ito . . . ibinigay itong mga gusali na ito sa kanila, habang binabanggit natin sa inyo ang mga petsa at lahat ng kailangan n’yong ilista. At pagkatapos mayroon sila nung malakihang solstikong piging, na ginaganap sa ika-21 araw ng Disyembre, ang pinaka maikling araw ng taon. At ipinasok ang maling pananampalataya na ito, na anupa’t, Siya raw ang “araw ng araw.” Kita n’yo, ang—ang araw daw ng kaarawan ng araw, inusog nila ’yung kapanganakan ni Jesus Cristo mula Abril ay ginawang ika-25 ng Disyembre.

<sup>17</sup> Ika-25 ng Disyembre. Sa limang araw na ’yun ay nagdaraos ang mga Romano ng kanilang malakihang pagdiriwang, mga sirko, at kung anu-ano pa, at diyan sa panahon na ’yan nila isinasagawa ang malakihang paganong piging na ito. At inilalagay nila ang lalaking ito bilang isang diyus-diyosan sa itaas dun, at dinadamitan siya’t lahat na. At hayan nga na may diyus-diyosan sila sa piling nila. At ang . . . diyan nagkaroon ng mga taong naniniwala sa post-milenyum, diyan mismo, dahil iniisip nila na ang iglesya ay nasa Milenyum na sa panahon na ’yan. Kita n’yo, dahil sila’y mayaman na, hindi na nangangailangan ng anuman, ang estado at ang iglesya’y magkalakip na. “Milenyum na,” ’yan nga’y Katolikong pagtuturo mapasa hanggang ngayon. Kita n’yo? Ngayon, “Milenyum na,” haya’t alam natin na mali ’yan. Ang Milenyum: ang Ikalawang Pagparito ni Cristo ang magdadala ng Milenyum. Ganoon nga.

Ang mundo'y humihiyaw, umiiyak para sa  
araw na 'yun ng matimyas na paglaya,  
Kapag ang Panginoon nati'y magbabalik  
darating dito sa lupa muli.

18 Ngayon, itong dakilang banal dito ay si Columba. Siya'y isang dakilang lalaki ng Diyos.

19 Ngayon, narito po sa akin ang kanyang kasaysayan na medyo naisulat ko rito. Unang-una, ang ikaapat na kapanahunan ng iglesya, *Tiatira*, ang ibig sabihin nito ay “pabaya, maluwag,” o, “malabo.” Kita n'yo? Isa nga 'yung ilehitimong panahon mula 606 hanggang 1500.

20 Ang bituwin ay si Columba, na mula sa Irlandes at Scotland, na pamangkin ni San Martin; at nabuhay ng mga animnapung taon pagkatapos ni Saint Patrick, at kaya ang kanyang pagmiministeryo'y nagsimula ng mga animnapung taon pagkatapos ni Saint Patrick. Ang kanyang. . .

21 Hindi niya kailanman tinanggap ang Romanong doktrina. Isa siyang dakilang lalaki ng pananampalataya. Tinanggihan niya ang Romanong pagtuturo; hindi kailanman nagtungo ng Roma, at tinanggihan 'yun mismo. Mangyari nga, na di ko makita kung saa't ikakanonisa nila siya. Gaya ng ginawa nila kay San Martin at sa kanila, hindi nila kinanonisa siya at si Ireneo dahil sila'y nanatili roon sa Iglesya na may mga tanda't mga kababalaghan ng Pentecostes, anupa't sumampalataya. Hindi niya kailanman ginamit ang Romanong turo, sa kanilang mga pagtuturo. Ang Biblia ang ginamit niya para sa pagtuturo't sunod na rin sa kanyang maka-Diyos na nanay, na siyang kapatid na babae ni San Martin, at kahit kailan ay hindi itinuro ang Romanong mga turo. Itinuro niya na ang mga tanda sa Marcos 16 ay kailangang lumakip sa bawat mananampalataya. Amen! Aking. . .Ganoon nga ang uri ng ginoo na gusto ko; pinaniniwalaan. Siyanga, po.

22 Kanyang—kanyang narinig ang naririnig na Tinig ng Diyos na tumatawag. Yun ang isa pang mainam na tanda sa kanya, kita n'yo. Kaya naman walang makapipigil sa kanya pagkatapos nun, humayo siya, uh-hum, uh-huh, humayo kaagad siya noong marinig niya ang naririnig na Tinig ng Diyos.

23 Isang himala. . .May ilan ako na naisu-. . .dito, pero kung kukunin lang natin ang isa na ito. Isang himala ay noong siya'y nagtungo sa isang siyudad na pinagsuguan sa kanya ng Panginoon, at ayaw siyang tanggapin nung siyudad, kaya nagtungo sila sa labas at sinubukang. . .nagdala ng mga musikero, at kung ano pa, at sinara ang mga pintuang-bayan at sinusubukan siyang sapawan sa pamamagitan ng pagtugtog, ng mga musikero. At nagsimula siyang mangaral, at sinapawan nun ang mga musikero at ang pintuang-bayan ay nagbukas, pumasok

siya sa loob, nagpatuloy sa pangangaral. Nakaakay siya ng isang buong karamihan din.

24 Heto ang isa pang munting kuwento na nais kong banggitin. Nagtungo siya sa isang siyudad. Yung mga siyudad nila noong araw ay may mga pader, siyanga. Mangyari na pumasok siya sa siyudad, at itinaboy nila siya. Paalis na sana siya, at 'yung anak na lalaki nung pinuno ay malubhang nagkasakit, at kaya nagpasugo sila para sunduin ang mabuting banal. Bumalik siya at pumatong sa naghihingalong batang lalaki, at ang batang lalaki ay nabuhay.

25 Ang iglesya niya'y puspos mismo ng Espiritu Santo, hindi nga siya papayag ng mas mababa roon, dahil ang bawat miyembro sa kanyang iglesya ay kinakailangan na mapuspos ng Espiritu Santo. At siya'y nagprotesta't lubos na kinapopootan ang herarkiya ng Roma. Naniniwala ako na siya ang bituwin ng kapanahunan na 'yun. Ano ang kanyang ginagawa? Dala-dala ang pagsasalita sa iba't ibang wika, ang bautismo sa Pangalan ng Panginoong Jesus, ginaganap ang mismong mga bagay na pinasimulan nila noon. Kung ang Diyos ay walang katapusan, at 'yun ang pamamaraan na Kanyang itinatag ang Kanyang Iglesya sa pasimula, kinakailangan na manatili 'yun na ganoon pa rin, at 'yun nga'y (kahit nasa minority) nanatiling ganoon; halos piniga na nga *rito*, muling nagpatuloy kay Luther.

26 Ngayon, sige't magsimula na tayo ngayon, at tingnan natin kung mauumpisahan na nating dakuan ang ilan sa mga talata na ito ngayon, sa . . . sige't simulan natin sa ika-18 talata:

. . . sa *anghel ng iglesia ng Tiatira ay isulat mo; . . .*

27 Napansin n'yo ba ang mga—ang mga pag-uukol na ito? Ang mga mensahe'y inukol sa anghel, o sa ministro na nagdadala ng Liwanag para sa partikular na kapanahunan na 'yan ng iglesya. Kita n'yo? Ngayon, kagabi nasumpungan natin, sa pagsasara nung isang kapanahunan ng iglesya ng—ng Pergamo, na ang anghel ng iglesya (sa pananagumpay sa kapanahunan ng iglesya na ito) ay tatanggap ng isang bato. At sa bato na ito . . .

28 Ngayon, binanggit natin ang “bato” na 'yun at ang sinisimbolo nito, na ang ibig sabihin nito ay isang “malaking bato.” Ano 'yun? Ang anghel na ito ay magiging parang si Pedro, na tinawag na “bato.”

29 Nasumpungan ko na ang pangalan n'yo ay may kinalaman sa buhay n'yo. Ngayon, ayaw ko pong masyadong manangan diyen, dahil ang diyablo'y may huwad na numerolohiya; alam natin 'yan; na 'yung mga tao'y nagsisimulang magkaroon ng *pakiramdam*, at kung ano pa na gaya nun, na tumutugaygay tuloy sa espirituwalismo. At ang espirituwalismo'y sa diyablo. Alam natin 'yan. At ganoon nga 'yun, kailangan n'yong mag-ingat. Gaya nung kanilang . . .

<sup>30</sup> Ang dahilan kung bakit tinawag nila si Jesus na isang “Beelzebub,” isang “diyablo,” dahil, kita n’yo, nagagawa Niyang talusin ang mga hinuha ng kanilang pag-iisip. Kita n’yo, anupa’t Siya ang Salita ng Diyos. At sinabi ng Mga Hebreo 4, “Ang Salita ng Diyos, ay mas matalas kaysa sa tabak na may dalawang talim, na tumatalos sa pag-iisip ng mga haka ng puso, ng isipan.” Kita n’yo? Kaya, Siya ang Salita, Siya ang buhay na Salita, at ang buhay na Salita ay dumadako sa atin at pagkatapos ibinubunsod Nito ang siya ring resulta sa atin. Kita n’yo, pareho mismo, dahil Ito ang siya ring Salita. Kita n’yo, Ito’y ang siya ring bagay sa kalagitnaan natin. At ganoon ’yun. At kung minsan sila na wala sa baitang na ’yun ay nagsasalita ng iba’t ibang wika, at may isa na magbibigay interpretasyon nun. Ano ’yun? Ang Salita’y nagsalaman muli sa kalagitnaan natin.

<sup>31</sup> At pagkatapos, napansin natin na ang anghel na ito’y tatanggap...ang anghel ng kapanahunan ng iglesya na tumanggap ng “bato.” Isa’yung *puting* bato, na nangangahulugan ng hindi niya sariling katuwiran, kundi “Sariling katuwiran ng Diyos.”

<sup>32</sup> At sa bato na ito’y “isang pangalan,” isang pangalan na walang nakakaalam kundi siya mismo na tumanggap nito. Siya ang nakakaalam, anupa’t walang ibang nakakaalam nun kundi siya. Kaya kung maririnig n’yo ang pambobola ng mga taong ito, na sinasabi nila ang kanilang pangalan; na sila’y “John,” sila’y “Paul,” sila’y “Mary,” sila’y “*ganito*,” “*ganoon*,” o “*iba pa*.” Huwag n’yong paniwalaan ito, dahil kung ganoon man, hindi siya kailanman magsasabi ng anuman tungkol dun. Kita n’yo? Ganoon nga. Kinakailangan niyang itago ’yun sa sarili niya. Siya lang ang nakakaalam. Walang nakakaalam kundi sarili niya, pero nalalaman niya dahil ang bawat ganap na mananagumpay ay tatanggap ng isang bagong pangalan sa ganoong—ganoong—ganoong paraan.

<sup>33</sup> Napansin n’yo ba na si Abraham ay tinawag noon na Abram, pero noong gamitin siya ng Diyos, Kanyang pinalitan ang kanyang pangalan na maging “Abraham.” Si Sarra ay S-a-r-r-a, pero noong gagamitin siya ng Diyos, Kanyang pinalitan ang kanyang pangalan na maging S-a-r-r-a-h: *Sarah*, “prinsesa.” Alam n’yo ba na ang Jacob...? Ang ibig sabihin ng *Jacob* ay “mang-aagaw.” Ang ibig sabihin naman ng *Esau* ay “mapula,” mabuhok at mapula; mapula ang buhok, at saanma’y pula, hayan nga si Esau. Ngayon, at si *Jacob* ay “mang-aagaw.” At ang *mang-aagaw* ay isang “mandaraya.” Hindi ba’t sinabi ni Esau, “Hindi ba’t ang pangalan niya ay *Jacob*, ‘mang-aagaw?’” Pero noong makipagbuno siya sa Panginoon nang buong gabi, at nanagumpay, at pinagpala, pinalitan ng Diyos ang kanyang pangalan; si *Jacob* ay naging *Israel*, “isang prinsipe kasama ang Diyos.” Ang tawag noon kay Pablo ay *Saulo* hanggang sa makatagpo niya ang Espiritu Santo sa anyo ng isang Liwanag na

suminag sa kanya, ang pangalan niya ay pinalitan mula Saulo ay naging “Pablo.” Si Simon, noong makatagpo niya si Jesus, Kanyang pinalitan ang kanyang pangalan na maging “Pedro.” Yaong. . .

<sup>34</sup> At noong managumpay si Jesus, ang Kanyang Pangalan ay binago. At Kanyang ihahayag ang Pangalan na ‘yun, “Ang sasama sa Kanya, ay nakapanagumpay na gaya Niya, siya’y tatanggap ng isang bagong pangalan; at ihahayag Ko ang Aking bagong Pangalan sa kanya.” Kita n’yo? At bawat managumpay, ang ibig kong sabihin, ang mga katulad nun: silang mga namumuno at iba pa. Ngayon, ang buong anak ni Israel ay hindi napalitan ng pangalan, siyanga. Ganoon nga. Pero ang matataas na mga tagapamuno, noong sila’y nanagumpay, sila’y tumanggap ng isang bagong pangalan. Nakikita n’yo ba kung papaanong lumalaki ‘yun nang saktong-sakto? Saktong-sakto talaga.

<sup>35</sup> At ngayon nalaman natin na siya’y nagkamit din ng “natatagong manna.” Ngayon, ang tipo nung natatagong manna ay yaong tinapay na handog. Ang handog na tinapay ay para lamang sa mga saserdote. Ganoon nga. Ang handog na tinapay ay para lamang sa saserdote. At sila. . . Isa ‘yung espesyal na bagay na ginawa para sa saserdote, sila nga, na mga tagapamuno; at ang lalaking ito’y nanagumpay. Ang buong kongregasyon ay tumanggap ng manna, pero nagkamit siya ng *natatagong* (espesyal na) *manna*, o isang “*espesyal na kapahayagan*,” oh, kung sino si Jesus, at bagay na tungkol sa Kanya, lahat ng tungkol sa Kanya. Kita n’yo, nagkamit siya ng kapahayagan na ‘yun kung siya’y nagtagumpay. Sa anghel, “Ingatang matibay, sapagkat siya na. . .” Siya ay nanagumpay. Inukol sa *anghel* ng iglesya. Kita n’yo?

<sup>36</sup> Ngayon nasumpungan natin kung ganoon, ngayong gabi, simulan natin:

. . . sa *anghel ng iglesia ng Tiatira ay isulat mo; Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng Anak ng Dios, na may . . . mga matang gaya ng . . . mga ningas ng apoy, at ang kaniyang mga paa . . . ay gaya ng tansong binuli;*

<sup>37</sup> Ngayon, noong makita natin Siya sa una, sa Kapanahunan ng Efeso, o sa unang pasimula ng Apocalipsis, nakita natin Siya sa Kanyang pitong-lupi na niluwalhating personahe. “Ang buhok. . .” Nakita natin na nasumpungan Siya ni Juan sa araw ng Panginoon.

<sup>38</sup> Sa Kanyang pagparito ngayon, Siya ay isang Saserdote. Noong narito Siya noon sa lupa, Siya’y isang Propeta, Propeta ng Diyos. Ngayon kinuha Niya ang Kanyang Sariling Dugo at nagtungo sa harap ng Ama, na nagpaging Saserdote sa Kanya. Sa pagbabalik Niya Siya’y magiging isang Hari. Kaya Propeta, Saserdote, at Hari. Siya ay Propeta ng Diyos, Siya ay isang Agila.



Siya ay Saserdote ng Diyos, Siya ay isang Cordero. Sa Kanyang pagbabalik, Siya'y magiging isang Leon, ang Hari, (ang lipi ni Juda) para maghari.

<sup>39</sup> Pero sa pagitan ng Kanyang Saserdoteng pamamalakad, kapag ang santuwaryo'y iiwan na, mangyari nga na makikita natin Siya na nakatayo na roon. At sinabi ni Juan na siya'y nasa Espiritu ng "araw ng Panginoon"; hindi ng ikapitong araw, hindi Linggo, 'yun nga'y talagang mali. Nalaman natin 'yan, sinaliksik natin 'yun sa buong Kasulatan, na 'yun ang araw ng Panginoon. Ito nama'y ang araw ng tao. Ang pagparito ng Panginoon ay ang Kanyang magiging araw.

<sup>40</sup> At nasumpungan natin siya sa araw ng Panginoon. At, noong makita niya ang Panginoon, Siya'y may "mala-niyebeng buhok na puti." At alam natin na sinasagisag nun ang pagiging isang tagahatol.

<sup>41</sup> Isa pang bagay, hindi Siya isang Saserdote noon, dahil ang Saserdote'y ang bigkis ay sa gitnang bahagi, na ang ibig sabihin ay *paglilingkod*. Pero Siya nga'y nabibigkisan sa dibdib, pataas *dito*, na ang ibig sabihin ay Siya'y isang *Tagahatol*. Amen! At nakita natin Siya na naglalakad sa gitna ng pitong gintong kandelerero.

<sup>42</sup> At ngayon binalikan natin 'yung "Matanda ng Mga Araw," na *puti* doon sa Paghatol sa Puting Luklukan noong makita Siya ni Daniel, "Dumating sa Matanda ng Mga Araw na ang Kanyang buhok ay kasing puti ng niyebe."

<sup>43</sup> Ngayon, "puti." Ang matatandang mga hukom noon ng Inglatera sa nagdaang mga taon, ay ganoon, kapag sila'y magtutungo sa luklukan ng paghatol haya't sila'y nagsusuot ng malaking puting peluka, na mala-niyebe sa puti, dahil sila'y mga tagahatol. At nakita Siya ni Juan noong araw ng Panginoon, noong Siya'y isang Tagahatol. Amen!

<sup>44</sup> Ngayon nalaman natin na "Siya'y may mga mata na gaya ng mga ningas ng apoy." Ang mga mata na 'yun ay hayan nga't gaya ng mga ningas ng apoy. . . Dati'y ang mga mata na 'yun ay nanlalamlam dahil sa pantaong mga luha. Di mapipigilan ang mga luhang 'yun at makaiyak sa isang taong namatay na, at nalalaman na sa loob ng susunod na limang minuto ay ito'y mabubuhay muli; mangyari nga na 'yun nga'y makataong simpatiya. Pero sa likod nun ay isang kapangyarihan na Siya'y makatitingin mismo nang diretso sa buhay ng isang tao at masasabi sa kanya kung sino siya at lahat ng tungkol sa kanya. Dahil 'yun ay parating na ngayon sa aninag na ito na gaya ng apoy. Ang mga mata na 'yun ay makatitingin nang paroo't parito sa lupa, at makikita ang lahat ng nangyayari. Saan kayo makatatayo sa Araw ng Paghatol? Ang inyong mga kasalanan ay malalantad mismo sa harap Niya.

45 At napansin n'yo Siya ay mayroong “Mula sa Kanyang bibig, isang—isang matalas na tabak na may dalawang talim,” na nalaman natin na 'yun ang *Salita*.

46 Nakita natin ang Kanyang mga paa na “binuling tanso,” at kung ano pa, na ang ibig sabihin ay “Kanyang pundasyon.” Kanyang nilakaran ang pisaan ng ubas ng galit ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat, at niyurakan at inako Niya ang kasalanan, at lumakad doon, at nilugod ang Diyos. Ganoon nga. At ang Kanyang pundasyon ang ating pundasyon:

Kay Cristo, sa matibay na Bato, ako'y  
nakatayo, (sabi ni Eddie Perronet,  
Lahat ng iba pang tayo ay buhanging  
gumuguhu. (Tama.)

47 Ngayon nasumpungan natin dito, na bawat pagkakataon na kakatagpuin Niya ang isang kapanahunan ng iglesya, Kanyang inuukulan siya ng isa sa Kanyang pagka-Diyos na Pangalan. Ngayon nasumpungan natin doon, na ang pinaka una sa lahat ng mga kapahayagan ay ang pagka-Diyos (ang Pinakamataas na pagka-Diyos) ni Jesus Cristo: “Ako Siya noon, ang ngayon, at ang parating. Ako ang una, at ang huli, ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat.” Kita n'yo, ang kauna-unahang kapahayagan. Bumaling si Juan para tingnan kung ano yaong kumakausap sa kanya. Ang unang bagay nga, Siya'y umukol sa kanya sa . . .

48 Sinumang hari, kapag siya'y pag-uukulan, kanyang—kanyang—kanyang sinasabi kung sino siya; sinuman. “Ako si *Ganito-at-ganoon* kapag ako'y nakikipag-usap sa iyo, hindi mo ako nakikilala. Ako si William Branham, ako si *John Doe*,” o kung sinuman 'yun.

49 Sabi niya, “Ako ang una at ang huli; Siya na nabubuhay at namatay; at nabubuhay magpakailan man.” Oh, grabe! Ang pagka-Diyos. Dito ay makikita natin Siya sa Kanyang pitong-lupi na personahe ng Kanyang niluwalhating katayuan. Sa bawat kapanahunan ng iglesya Kanyang—Kanyang inuukulan sila nang iba't iba sa mga pagka-Diyos na ito, iba-iba mismo sa isa sa mga niluwalhating katayuan na ito.

50 Ngayon, sa gabing ito, Siya'y dumarating na may nagniningas na apoy. Siya'y nakatingin mismo sa Laodicea . . . o sa Tiatira. Ito 'yung kapanahunan na 'yung iglesya'y ikinasal sa Katolisismo at paganismo, o ang Nicolaitanismo at paganismo ay ikinasal at nagbuo't nagsilang sa unang iglesya, na organisadong iglesya.

51 At sinabi ng Diyos na ang *mga gawa* ng mga Nicolaita (na naroon sa mga taga-Efeso), doon sa—sa munting iglesya ng Pergamo ay naging isang “doktrina,” at sinabi na 'yun ay “isang doktrina ni Balaam.” At si Balaam ang nagturo sa Israel na magtungo roon at makiapid, o sila'y nakiapid sa Moab (na

isang malahiningang miyembro ng iglesya), o ang pinag-isang iglesya, ang malaking organisasyon. At nasumpungan natin na sinabi ng Diyos, na ang doktrina ng Nicolaita na yaong... kinuha ang... inilagay ang lahat ng kapangyarihan sa isang iglesya at isinantabi 'yun at ginawa 'yung isang organisasyon, sabi Niya, "Inyong kinapootan ito, at Aking kinapopootan din ito." Patuloy Niya mismong sinasabi 'yun, "Kinapopootan ito! Kinapopootan ito! Kinapopootan ito!" At ito'y puspusang dumating *dito*. Nakita n'yo kung papaanong ang iglesya'y piniga palabas, hanggang *dito* mismo hanggang sa maging katiting na lang, at 'yun ang iglesya na kinasasapitan natin ngayon.

<sup>52</sup> Ngayon, sa araw na ito ang kakahayagan ay dumating, o sa iglesya na ito, panahon 'yun na ang Roma ay nagtayo sa ibabaw ng naglalakihang mga bato ng kanilang dako, ng mga tumpok at dayami. Pero Kanyang inuukulan ang iglesyang ito na "Siya'y nananatili pa rin na nagniningas na mga apoy na tumitingin sa kabuoan ng panahon, at ang Kanyang pundasyon ay hindi dayami, pinaggapasan, kundi isang solido't, binuling tanso sa nag-aapoy na hurno." Ang pundasyon ay sigurado mismo. Gustung-gusto ko 'yun. Alam natin kung saan mismo tayo nakatayo.

<sup>53</sup> Buweno:

*Nalalaman ko ang iyong mga gawa, at ang iyong pagibig, at iyong ministerio, at pananampalataya, at iyong pagtituis, at ang iyong mga gawa; at ang huli—huli ay higit kay sa mga una.*

<sup>54</sup> Buweno, mistula ngang ang iglesya'y halos mawalay na nang buo, sadya ngang lumiit, at sila'y nalayo na mula sa dakilang espirituwal na mga pagtitipon, at mistula bang umaasa na lang sa mga gawa. Hindi ibig ng Diyos na tayo'y umasa sa mga gawa.

<sup>55</sup> Isang-isang tanda 'yan ng organismo. "Dalhan natin si Binibining Jones ng ilang panggatong. At dalhan natin si *Ganito-at-ganoon*, ang kanilang mga anak, ng ilang mga damit." At talagang mainam 'yan. Pero, huwag kayong dumepende diyan, huwag na huwag. Kapatid, 'yan—'yan—'yan ay mabubuting gawa; ang isang mabuti't, disenteng mamamayan ay magagawa 'yan. Pero ang kailangan mismo para maging isang Cristiano ay isang ipinanganak-na-muling karanasan, ang bautismo ng Espiritu Santo. Siyanga.

<sup>56</sup> Kumakaunti nang kumakaunti, pinapabaling sila sa mga gawa sa halip na sa pag-ibig at pananampalataya, palala nang palala sa pag-usad ng panahon.

<sup>57</sup> Buweno:

*Nalalaman ko ang iyong mga gawa, . . . Nalalaman ko ang iyong pananampalataya, nalalaman ko ang iyong pagtituis, at iba pa . . .*

58 Pero ngayon kukunin natin ang ika-20 talata, pakinggan n'yo ito:

*Datapuwa't mayroon akong laban sa iyo, na pinahintulutan mo ang babaing si Jezebel, na nagpapanggap na propetisa, at siya'y nagtuturo at... humihikayat sa aking mga lingkod at upang makiapid, at kumain ng mga bagay na inihahain sa mga diosdiosan.*

59 Ngayon, “babae.” Ano ba 'yung natuklasan natin na nirerepresenta ng babae kagabi? Ang “iglesya.” Ngayon, nasumpungan natin dito na tinawag sila na mga “Nicolaita,” “doktrina ni Balaam,” at ngayon ito'y naging isang “Jezebel.”

60 Ngayon, “si Jezebel.” Kung mapapansin n'yo, ito'y malaking kasaysayan. Ngayon, kung gusto n'yong isulat, sisimulan n'yo sa Unang Mga Hari, sa may... Unang Mga Hari, sa bandang 16. Si Jezebel ay hindi anak ni Abraham; ni ng grupo rito, ng paganong Roma. Ang mga Nicolaita noon ay isang malamig, na pormal na grupo ng mga Cristiano na inihwalay ang kanilang mga sarili mula sa tunay na mga Cristiano, “na mistulang walang Pananampalataya.” At ang nais nila'y gawing parang isang asosasyon ang iglesya, gaya ng mayroon sila sa panahon ngayon; parang isang asosasyon, na walang Espiritu sa loob nito; “Ang mga araw ng himala'y lipas na. Lahat ng 'yun ay para sa nagdaang panahon. Ang mayroon tayo ngayon ay pagkakapatiran.” Ang isang mainam na Mason, Odd Fellow, o anumang gaya nun ay makakapagpabunsod ng ganoon. At ayos lang 'yan, pero hinding-hindi nga 'yan maaaring humalili sa isang bagong kapanganakan kay Jesus Cristo, sa kaligtasan ng kaluluwa, sa Katotohanan na ito.

61 Buweno, ang Jezebel na ito. Ngayon siya'y anak na babae ni Abraham, tunay nga, isang prinsesa ng isang sumasamba sa diyus-diyosan. Noong panahon na 'yun noong ang maharlikang pamilya, ang kanyang maharlikang pamilya'y, nabantog dahil sa malupit na katapatan nito kay Baalim. Ang kanyang tatay ay isang saserdote ng diyus-diyosan ng A-s-t-a-r-t-e (hindi ko alam kung paano n'yo bigkasin ito, kinuha ko lamang ito mula sa kasaysayan). Ang ginamit na istrategiya ni Ahab ay parang 'yung ganoon kay Constantino. Itong dakila't malakas na bansa'y katabi ng Israel, kaya naman... .

62 Anong ginawa ni Constantino kagabi? Anupa't hindi naman siya napagbagong-loob. Isa siyang pulitiko. Ano ba ang sinisikap niya noong gawin? Ginamit niya ang mga Cristiano, noong sabihin nila sa kanya na sila'y mananalangin... (At ngayon hayan, alalahanin n'yo, kanyang kinu... ang pinag-uusapan natin dito ngayon ay tungkol sa Nicolaita). At sinabi niya na kung sila'y mananalangin, at siya'y mananalangin sa labanan na ito, mangyari nga na siya raw ay magiging—siya raw ay magiging

isang Cristiano. Nagkaroon siya ng panaginip. Pininturahan niya ang kanyang mga kalasag ng puti, noong gabi na 'yun, pininturahan ng krus. Doon nga nagpasimula ang Knights of Columbus, doon mismo sa sandali na 'yun; ngayon diyan nila pinagbasehan ang kanilang paninindigan. Pero hindi siya kailanman gumawa ng anumang paninindigan. Pero hindi siya kailanman gumawa ng anumang paninindigan! Sa isa sa mga Nicolaitang simbahan, na tinawag na St. Sophia, naglagay siya roon ng krus. Gaya ng sinabi ko kagabi, 'yun lang ang nag-iisang bagay na nagawa niya na mistula ngang siya'y kakampi ng iglesya, sa abot ng mabubuklat ko sa alinmang pahina ng mga kasaysayan; at marami sa iba pang mga iskolar ang ganoon din ang sinasabi. Wala nga tayong nalalaman tungkol sa pagbabagong-loob niya, ngayon. Pero ano nga ang pinasok niya? Ang bagay mismo na nais niyang gawin, nakita niya ang malaking bahagi ng Roma, noong panahong 'yun.

<sup>63</sup> Ngayon tingnan n'yo 'yun, masdan n'yo ang istrategyang ito. At masdan n'yo kung papaanong kinukumpirma ito ng Biblia, ng Diyos, daan-daang taon bago pa 'yun nangyari. At ginamit ni Constantino ang gayunding istrategya, sabi rito ng Diyos, na ginamit noon ni Ahab.

<sup>64</sup> Ngayon, nakita ni Constantino na ang malaking bahagi ng kanyang mga tao ay itong mga Nicolaita, mga Cristiano. Ang ilan sa kanila'y binansagan na "mga heretiko," yaong mga Pentecostal nga; sila'y "mga heretiko at mga holy-roller," at kung ano pa. Pero diyan n'yo nga masusumpungan ang tunay na mga tanda't mga kababalaghan. Pero ang *natural* na iglesya nama'y napapadpad patungo mismo sa organisasyon. Anong kanyang ginawa? Tuso ang ginawa ni Constantino. Nagtungo siya roon at tinipon ang mga pagano niyang kaibigan, at tinipon ang mga kaibigan niyang Cristiano, at pinag-isa ang mga kaiglesyahan na magsama-sama, nagtayo ng isang-isang...dinala ang paganismo papasok sa Cristianismo. Ang Cristianismo at ang paganismo'y ikinasal sa iglesya ng Pergamo.

<sup>65</sup> Ngayon, ano ang sinabi Niya rito sa gabing ito? Ang siya ring bagay na ginawa noon ni Ahab. Si Ahab, para palakasin ang kanyang kaharian, pinakasalan si Jezebel, itong sumasamba na ito sa diyus-diyosan; para palakasin ang kanyang kaharian, para makatipon pa ng lakas sa Israel.

<sup>66</sup> At 'yan ang sinisikap gawin ng mga kaiglesyahan. Nakita n'yo ba kung saan tinatangka nilang gumawa ng isang Biblia, ilalabas na raw nila ito sa sunod na taon sa '62? Isa raw 'yung Biblia na malulugod ang mga Judio, malulugod ang mga Katoliko, at malulugod ang mga Protestante. Oh, kapatid! Nasa akin 'yung artikulong 'yun galing sa diyaryo. Hindi ko dala ngayong gabi, pero napakinggan n'yo na akong binasa 'yun noong isang gabi. Hayan nga, kita n'yo.

<sup>67</sup> Oh, ang mga bagay na 'yun na tinatangkang paramihin! Pinagkukuha nila ang banal na mga bagay ng Diyos at ikinalat ang mga 'yun sa anumang paraan, para magpakarami at magpataas ng bilang. Ganyan mismo ang ginawa ng iglesya. Tumanggap ito ng mga tao sa basehan lamang ng pakikipagkamay, at kaya nakapasok ang mga suwail at lahat na, mga taong hindi naman talaga binago. Pero ang makapasok sa tunay na Katawan ni Cristo, na hindi isang organisasyon, kundi ang mistikal—mitikal na Katawan ni Cristo, makapapasok ka lamang sa pamamagitan ng isang paraan, at 'yun ay sa pamamagitan ng bautismo ng Espiritu Santo. Tama! At ang siya ring mga tanda na tumama sa kanila na mga alagad, ay tumatama sa Iglesya. Ganoon nga mismo!

<sup>68</sup> Ngayon, hindi natin kailangang makipag kompromiso at sasabihin, “Buweno, kami’y makikianib sa mga Assemblies. Kami’y makikianib sa Oneness. Kami’y makikianib sa *ganito*, o sa Baptist, o Methodist.” Umanib tayo kay Cristo! Manatili kayong malayo sa mga bagay na ito. Dahil ang bawat isa sa mga organisasyon na ito ay ayos lang naman, pero sila’y—sila’y may kani-kanilang mga doktrina’t kanilang mga bagay, at kinakailangan mo pang siguraduhin kung ‘yung pangkalahatang namamahala ay pahihintulutan kang makapasok sa bansang ‘yun at makapagdaos ng isang pagtitipon. Kung hindi ka magtuturo nang eksaktong gaya ng itinuturo nila, patatalsikin ka nila, hindi kayo makakapanatili sa Biblia. Hindi ‘yun uubra sa Diyos, Kanyang kinamumuhian ito. Kahit sinong Cristiano na ipinanganak muli ay ganoon din. Marami sa mga tao sa mga organisasyong ‘yun ay tunay namang...nagnanais na makagawa, nagnanais na makapaglingkod, at nagnanais ng pakikipagbuklod. Pero hindi mo nga magagawa, sisipain ka nila palabas. Buweno, hayaan mo lang na sipain ka nila palabas, magpatuloy ka lang, sikapin mong matanggap ang Espiritu Santo sa anumang paraan. Ganoon nga mismo. Pero, kita n’yo, gusto nilang—gusto nilang mas piliin ang—ang dogma na ‘yun. Ang gusto nila’y makuha kayo na mga kagaya n’yo na maraming pera. May slogan ang mga Baptist noong ‘44, “Isang milyon pa sa ‘44.” Ano ang nakuha nila?

<sup>69</sup> Kagaya ng sinabi ng bantog na ebanghelista na si Billy Graham, noong nasa Louisville siya, “Nagtungo ako sa siyudad na ‘yun. . .” Sabi, “Si San Pablo’y magtungo sa isang siyudad, makakaakay siya ng isa; sa susunod na taon na balik niya haya’t siya’y—siya’y may tatlumpu na mula sa isa na ‘yun; apo ng apo ng apo ng apo ng apo ng apo, mula sa isa na ‘yun na naakay.” Sabi niya, “Ako naman ay tutungo rin sa isang siyudad, magtatawag ng tatlumpung libo, pagbalik ko sa kasunod na taon haya’t di man lang ako makasumpong ng tatlumpu.” At ‘yang bagay na sinabi niya, siya—siya nga’y may punto, pero sa kabila nun ay hindi ako naniniwala na ang kalugud-lugod

nating kapatid ay tama. Sabi niya, “Kayo na mga tamad na mga mangangaral.” Sabi, “Ibibigay ko sa inyo ang kanilang mga pangalan at tirahan, nauupo lang kayo na nakapatong ang paa n’yo sa lamesa at magsusulat lang kayo ng liham sa halip na dumalaw, sa pakikipag-usap n’yo sa kanila.”

<sup>70</sup> Akin ngang—akin nga siyang medyo hinahangaan dahil sa bagay na ’yan. Gusto ko ang taong ipinapakita kung ano talaga siya, na hindi isang ipokrito; maninindigan mismo at pangangatawanan kung ano ka talaga. At gustung-gusto ko ’yan. Pero nais kong sabihin, “Billy, mayroon ba roong tao para ipagpatuloy at patnubayan ang pinagbagong-loob na ’yun na inakay ni Pablo? Ang totoo kasi, Billy, kung ititigil mo ’yang pinahihintulutan silang bumaling dun at makipagkamay lang, at gigising, at sasabihin, ‘Oo, tinatanggap ko si Jesus bilang personal kong Tagapagligtas’ at ipapanatili siya roon hanggang sa siya’y mamatay at mabulok, at maipanganak muli sa Espiritu Santo, siya’y makakaakay ng bagong mga pinagbagong-loob.”

<sup>71</sup> Kapatid, kayo’y . . . siya nga’y sumisiklab sa apoy, hindi n’yo ’yun maaapula. Siya’y katulad sa isang bahay na nasusunog sa mahanging araw, hindi n’yo magagawang apulahin. Oh, siya nga’y kakalat sa lahat ng dako, kapatid, isang tunay na napagbagong-loob kay Cristo, hinding-hindi niya maaatim na maupo na lang. Siya’y sadyang . . . siya’y kumikilos mismo. Oh, ikinagagalak ko nang lubos! Oh, grabe! Makalumang bautismo ng Espiritu Santo na talagang magpapaliyab sa kaluluwa mo na mag-apoy! Hindi n’yo maaatim na tumahimik lang, hihipan kayo ng hangin, ang humahagibis na hanging malakas ay patuloy na hihipan kayo. Buweno akin ngang gagatungan nang gagatungan ang kahoy, at magpapatuloy. Siyanga, po! Hindi na kailangang bisitahin pa ang mga naakay ni Pablo, dinala ni Pablo sila nang talagang malalim kay Cristo na ang inakay na ito’y patay na sa kanyang sarili, at buhay kay Cristo, at Kanyang ginawa ang iba pa nun. Ganoon nga! Ganoon nga ang nangyari.

<sup>72</sup> Mainam naman ang mga kapatirang Baptist. Pero ang makaakay ng isang milyon pa, anong mabuti ang maidudulot nun? Ang makakamit n’yo lang ay milyon pang mga pangalan. Buweno, maupo lang kayo at makaakay pa ng ilan kung nais n’yong mailagay sila roon. Mainam ’yan, pero, kapatid, ang nais natin ay mga pangalan sa Aklat ng Buhay ng Cordero, na pinatay mula ng itatag ang sanlibutan, hinugasan sa Dugo, puspos ng Espiritu Santo, na ang mga tanda’t mga kababalaghan ay lumalakip sa inyo.

<sup>73</sup> Saliksikin n’yo ang mga kasaysayan. Umaasa nga ako na lahat kayo’y makakuha nung tungkol sa mga Konseho sa Nicea at basahin ang mga ’yun, para makita n’yo ang mga martir na ’yun na nanghawakan sa alab ng pentecostes. Sasabihin ko sa inyo ngayon, kapatid, kayo na mga Baptist, Methodist, at anuman kayo, ang tunay na dalisay na Liwanag. . . hindi ito

ang Pentecostal na organisasyon, ngayon; kundi ang tunay, na dalisay na Liwanag ay ang Pentecostal na Karanasan. Doon . . . Mga ilang araw at mga araw na ngayon, ang mga kasaysayan na 'yun, hinalukay ko ang lahat ng mahahalukay ko sa lahat ng dako, at 'yung alab ng pentecostes ang nanatiling buhay mula sa panahon ng Pentecostes hanggang sa panahon na ito. Siyanga, po! Mga pinalabas lang.

<sup>74</sup> Ang ilan sa kanila'y magsasabi, "Buweno, ang dakilang iglesyang Katoliko'y nanatiling matibay sa kabila ng mga alon. Aba't, patunay 'yan na siya ang tunay na Iglesia." Buweno, hindi nga 'yun kakaiba sa akin, gayong ang gobyerno at lahat na ng iba ay nasa likuran niya, magagawa nga niyang umiral. Pero ang—ang kakatwang bagay nga, ay yaong munting grupo na lumabas, ang munting minority na 'yun, na sinipa palabas, ibinilanggo, nilagari. Papaano nga sila nabuhay? Dahil ang Espiritu ng buhay na Diyos ay kumikilos sa kanilang katauhan. At lahat ng mga demonyo ng impierno'y hindi makakapanaig laban Dito! "Sa ibabaw ng batong ito ay itatayo Ko ang Aking Iglesia, at ang mga pintuan ng impierno'y hindi makakapanaig laban Dito." Hayun ang tunay na bagay. Yun ang nagbigay ng Espiritu Santo sa mga Methodist na mangangaral na ito, at iba pa, rito. Kita n'yo, ibinubunsod sila nun na umangat, may bagay na ibinubunsod sa iyo. Hinding-hindi ito mabibigo.

<sup>75</sup> Si Ahab, ang ipokrito na 'yun. Kita n'yo, nagtungo siya roon, sabi niya, "Ngayon, kung magagawa ko lamang na pagkaisahin ngayon, at gawin itong malaking bansa. At kung pakakasalan ko ang anak na babae ng matandang lalaki na 'yun doon, buweno, hayan nga . . . kami—kami'y magiging magkaibigan." Ano ang ginagawa niya? Ipinagbibili ang kanyang karapatan sa pagkapananganay mismo.

<sup>76</sup> Ngayon, sa oras na ang Protestanteng iglesia na ito'y *sadyang* bumaling pabalik at makipag-isa na sa iglesyang Katoliko, gagawin nun ang siya ring bagay na ginawa nito roon. Si Ahab ay nabuhay sa araw na . . .

<sup>77</sup> Tatlong beses nang nangyari. Nandun siya sa hatinggabi ng karanasan ng paglalakbay ng Israel, at *heto* ito na sumapit sa hatinggabi muli, at sumapit tayo sa hatinggabi muli *rito*. Tatlong henerasyon bago ito; napunta *rito*, *dito*, at *dito*.

<sup>78</sup> Ngayon, kung papansinin n'yo, pinakasalan ni Ahab si Jezebel para palakasin ang kanyang bayan. Yan mismo ang ginawa ni Constantino. Nagtayo siya ng malaki mismong iglesia, at kinuha ang altar at gumawa ng malaking marmol, dinamitan ang lalaking ito, ang papa, pinaupo siya roon sa itaas. Siya'y nagmistulang buhay na diyus-diyosan, nagagawa na ng diyus-diyosan na makipag-usap sa mga tao, at—at sabihin sa tao ang tungkol sa kanilang mga kasalanan, at 'yun nga'y nakalugod sa matandang malahiningang iglesia, at doon sila'y



napadpad tuloy. Tunay! Ganoon nga! Buweno, pero hindi nga nun malulugod ang isang tao na naipanganak nang muli, noong tanggapin nila 'yun at pagkatapos ay ipinasok ang mga paganong seremonya ng pag-uusal ng panalangin. Anong ginawa nila? Inalis nila si Jupiter, at ang inilagay dun ay si Pedro. Inalis nila si Venus, at ang inilagay dun ay si Maria. At dinala nun—dinala nun ang paganismo papasok sa mga hanay ng Cristiano.

<sup>79</sup> At noong pakasalan ni Ahab si Jezebel, ginawa niya ang siya ring bagay na iba. Dinala niya ang pagsamba sa diyus-diyosan papasok sa Israel. At ano ang ginawa ni Jezebel? Pinatay niya ang bawat propeta na madadapuan niya ng kanyang mga kamay. Tama ba? Ganoon din ang ginawa ng mga papa. Bawat tunay na Cristiano na madapuan nila ng kanilang kamay, kanilang pinatay sila.

<sup>80</sup> Pero may bituwin ang kapanahunan na 'yun, ang matandang si Elias! Oh, siya, nga! Hindi siya natakot, kanya ngang isiniwalat 'yun sa kanila. Siyanga, po! Siya ang bituwin ng Diyos para sa kapanahunan na 'yun. Dumating nga siya sa punto na sinabi niya, "Panginoon, ako na lang ang isa na natitira."

<sup>81</sup> Sabi ng Diyos, "Ngayon, sandali lang, sandali lang, sandali lang, Elias." Uh-huh. "Mayroon pa akong pitong daan na naitago sa kung saan, sa isang ibayo. Kita mo? Hindi mo lang alam kung nasaan sila. Naroon sila, mga Fariseo, mga Saduceo, mga Baptist, mga Methodist, at mga Presbyterian, pero Aking—Aking ilalantad sila sa dako roon, maghintay ka lang. Kita mo? Ilalabas ko sila roon. Mayroong. . . sila'y—sila'y—sila'y Akin, at hinding-hindi sila luluhod kay Baalim ano't anuman." Pero si matandang Elias nga'y ang Tinig ng Diyos para sa araw na 'yun. Tunay na siya ang mismong tipo ng Tinig ng Diyos sa unang pagparito ni Cristo, at 'yun ang magiging tipo ng Tinig sa ikalawang pagparito ni Cristo muli, batay sa mga Kasulatan.

<sup>82</sup> Ngayon, nasumpungan natin na itong si Jezebel, noong makarating siya roon, tunay nga na gigibain niya ang lahat ng mga dambana ng Diyos at ang ipapalit dun ay kanyang sariling mga dambana. At naibubunsod niya ang mga Israelita na yumuko sa isang diyus-diyosan. Ganoon ang eksaktong ginawa ni Constantino noong buuin niya ang iglesyang Katoliko. Dinala niya ang paganismo papasok sa—sa Cristianong iglesya, at ibinunsod ang mga Cristiano na yumuko sa mga diyus-diyosan. Eksakto mismong madilim na kapanahunan uli; madilim na kapanahunan ng Israel, madilim na kapanahunan ng—ng iglesya; pagyuko sa mga diyus-diyosan. At si Elias ang bituwin sa panahon niyang 'yun.

<sup>83</sup> At naibunsod nga mismo na ang buong Israel ay sumamba kay Baalim, at ganoon din ang ginawa ng iglesyang Katoliko sa Tiatira.

<sup>84</sup> Ngayon, nais kong pansinin n'yo ang isa pang bagay na kapansin-pansin dito, sinisipi ko nga ang aking kasaysayan dito. Sinabi ni Jesus na ang babaing ito'y . . . tinawag niya ang sarili niya na isang propetisa. "Ang babaing 'yan na si Jezebel, na tinatawag ang kanyang sarili (tinatawag ang kanyang sarili) na isang propetisa." Ngayon, nakita n'yo, hindi pinapayagan ng iglesyang Katoliko ang kanilang mga miyembro na magbasa ng Biblia dahil sinasabi nila na ang pari lamang ang nag-iisa na Makalangit na makapagpapaliwanag ng Salita na 'yun.

<sup>85</sup> Buweno, ang tunay na interpretasyon ay sa isang propeta lang. Ang propeta'y may Makalangit na Interpretasyon ng Salita ng Diyos. Ganoon nga mismo. Papaano nga na matatawag ng isang tao, ang sinuman, na "isang propeta" at pagkatapos sasabihin, "mali ang kanilang kapahayagan"? Katulad na katulad nga 'yun dun sa Walang Hanggang pagka-anak uli, kita n'yo. Kita n'yo? Kita n'yo, 'yung—'yung . . . Ang ibig sabihin ng *propeta* ay "ang tamang tagapagpaliwanag, ang isa na dinaratnan ng Salita ng Panginoon, na ang kapahayagan ay dumarating sa kanya." Ang ibig sabihin ng salitang *propeta* ay "isang tagapagpaliwanag ng Makalangit na Salita." Sinabi ni Jesus, "Kung mayroon man sa kalagitnaan n'yo na espirituwal o isang propeta, Ako na Panginoon ay mangungusap sa kanya. At kung ang bagay na sinasabi niya ay maganap, kung ganoon ay pakinggan n'yo siya, Ako'y sumasakanya. Kung hindi ito maganap, kung ganoon ay huwag n'yo siyang pakinggan." Ganoon mismo. Yun ang—'yun ang Makalangit na Salita ng Diyos, at ang Salita ng Panginoon ay dumarating sa mga propeta.

<sup>86</sup> Ngayon, sinabi nila na ang *iglesyang* ito ay "isang propeta." Ngayon alalahanin n'yo, nagbago na ito mula sa pagiging Nicolaita nito ngayon, ito'y nagbago't naging isang "*babae*." Nakikita n'yo ba? Isang "Jezebel." Ngayon, kagabi ay "ang doktrina ni Balaam." Kita n'yo, "doktrina ng mga Nicolaita" at "doktrina ni Balaam."

<sup>87</sup> Ngayon, si Balaam ay yaong nagbunsod ng pagkapatot sa Israel. At ano ang ginawa ng—ng—ng mga Nicolaita? Bumuo ng organisasyon. Kaya kung pagsasamahin haya't ang makukuha n'yo ay isang *babae*, "iglesya." Mismo! Apocalipsis 17, "Ang dakilang patotot na nakaupo sa maraming mga tubig." Babae, patotot. Ano siya, o papaano siya naging isang patotot? Siya'y nakikiapid, espirituwal na pakikiapid, mali ang pagpapaliwanag ng Salita sa mga tao. Lumayo kayo mula sa panatisismo na ito! Tunay na panatisismo 'yan. Ganoon nga.

<sup>88</sup> Ngayon, kita n'yo, tinatawag niya ang kanyang sarili na isang propetisa, "Kami ang nag-iisa! Kami ang konseho! Kami ang konseho ng Laodicea uli, ang konseho ng mga kalalakihan, at pinagpasyahan namin ang *ganito*, at *ganito*, at *ganoon*. Kaya makinig kayo sa amin!" Pero . . .

<sup>89</sup> Yung—'yung munting pari rito na kakapanayamin daw ako tungkol kay Elizabeth Frazier, o sa batang babaing Frazier. Sabi, "Nais malaman ng—ng kardinal kung iyo bang . . . o nung obispo, kung binautismuhan mo ba ang batang babaing Frazier." Sabi, "Siya'y magiging Katoliko na."

Sabi ko, "Opo, nauunawaan ko."

Sabi, "Iyo bang—iyo bang binautismuhan siya?"

Sabi ko, "Opo, ginoo."

Sabi, "Sa papaano mo siya binautismuhan?"

Sabi ko, "Sa Cristianong bautismo." Uh-huh.

Sabi niya, "Buweno, anong ibig mong sabihin dun?"

Sabi ko, "Cristianong bautismo, sa paraan na sinasabi mismo ng Biblia. May nag-iisang paraan lang para magbautismo sa Cristianong pagbabautismo. Bawat tao sa Biblia'y inilubog sa tubig sa Pangalan ni 'Jesus Cristo.'"

<sup>90</sup> Isinulat niya 'yun, nagsimula siyang isulat 'yun. Sabi, "Alam mo, ganyan ang ginagawa ng iglesyang Katoliko noon."

Sabi ko, "Kailan?" Sabi ko, "Mayroon ako ng lahat ng mga sinaunang kasaysayan na mahahalukay ko, mula London at iba pang lugar." Nang sa gayon ay mapag-aralan ko kapag ang oras na gaya nito ay dumarating, kapag may bagay na mangyayari. Hmm. Sabi ko, "Gusto kong—gusto kong malaman kung saan." Pupuntahan ko . . .

Sabi niya, "Oh," sabi niya, "sa Biblia."

Sabi ko, "Sinasabi mo ba na . . .?"

Sabi niya, "Si Jesus ang nag-organisa ng iglesyang Katoliko."

Sabi, "Si Pedro ba ang unang papa, kung ganoon?"

Sabi, "Ganoon nga mismo."

Sabi ko, "Akala ko ba 'ang iglesya'y hindi nagkakamali't hindi nagbabago, at lahat ng mga misa'y binibigkas noon pa sa Latin kaya anupa't hindi 'yun mababago.'"

Sabi niya, "Totoo 'yan."

<sup>91</sup> Sabi ko, "Buweno, nagbago kayo kung ganoon mula noong panahon na 'yun." Sabi ko, "Kung ang Biblia'y isang Katolikong aklat, kung ganoon ako pala'y isang makalumang Katoliko." Kita n'yo? Ganoon nga. Sabi ko, "Isa pala akong makalumang Katoliko, kung ganoon." Tapos sabi ko, "Tunay na nakalakip doon . . ."

Sabi niya, "Buweno, ngayon, kita mo, ang Biblia'y kasaysayan lamang ng iglesyang Katoliko." Sabi niya, "Ang Diyos ay nasa Kanyang iglesya."

Sabi ko, “Ang Diyos ay nasa Kanyang Salita.” Ganoon nga mismo.

<sup>92</sup> “Ang Aking Salita lamang ang katotohanan, at bawat salita ng tao’y kasinungalingan.” At dito sa Aklat na ito ng Apocalipsis ay ang tanging Aklat (Hayaan n’yong ulitin ko ito.) na inilagay ni Jesus ang Kanyang pagkatig. At ang unang bagay na Kanyang ginawa ay inihayag ang Kanyang pagka-Diyos, at ganap mismong ginawa Niya ito. At sabi, “Sinuman na mag-aalis mula Rito o magdaragdag ng anuman Dito, ay gayundin na aalisin (ang kanyang bahagi) mula sa Aklat ng Buhay. Mapalad ang bumabasa, o ang nakikinig. At sumpain ang magdaragdag ng isang bagay Rito o mag-aalis ng anumang bagay mula Rito.” Hayan nga kayo, kaya nakikita n’yo ang mapanganib na bahagi. Kaya huwag na huwag kayong magdaragdag ng anuman Diyan; hayaan n’yo mismo Ito sa kung papaano Ito, at magpatuloy lang.

<sup>93</sup> Ihahayag Ito ng Espiritu sa inyo kung kayo’y magpapakumbaba lamang, hihiling sa Kanya. Kita n’yo? Ganoon nga. Ngayon, kaya hindi Ito kumplikado. Ang Diyos . . . pinasalamatan ni Jesus ang Ama dahil sa . . . sinasabi, “Pinasalamatan Ko Ikaw, Ama, na Iyong itinago ang mga bagay na ito mula sa mga mata ng mga rabi, at ng mga obispo, at ng mga kardinal, ng mga pangkalahatang tagapangasiwa, at—at inihayag Ito sa mga sanggol na sila’y matututo.” Kita n’yo?

<sup>94</sup> Yan ang bagay na nais n’yo. Isa itong kapahayagan ukol sa Diyos na dumarating lamang gaya ng pagkakasabi Niya roon, “Ano ang sinasabi ng mga tao kung sino Ako?”

Sabi niya, “Ikaw ang Cristo, ang Anak ng buhay na Diyos.”

<sup>95</sup> Sabi Niya, “Simon, hindi mo ’yan natutunan sa seminaryo. Kita mo? Walang sinuman ang nagsabi n’yan sa iyo. Nanggaling ’yan, na isang kapahayagan mula sa Langit. At sa ibabaw ng batong ito ay itatayo Ko ang Aking Iglesya, at ang mga pintuan ng impyerno’y hindi makakapanaig laban Dito.”

<sup>96</sup> Ganoon mismo ang kapahayagan na kamit ni Abel sa pasimula. Yun ang kapahayagan; noon pa man, ’yun ay nanatiling kapahayagan, at ’yun ay mananatili sa tuwina na kapahayagan. Ganoon nga.

<sup>97</sup> Ngayon, nasumpungan natin dito na siya’y isang babae na ngayon, at ang *babae* ay kumakatawan sa isang “iglesya.” (Tama ba? Si Cristo ay paparito para sa ano? Sa Nobya, isang babae, malinis na birhen.) At ang matandang babae rito, nag-aangkin siya na siya’y Iglesya ng Diyos; pero, kung ano nga siya, siya’y napapalamutian ng mga kayamanan at perlas, at lahat, at mayroon siyang saro ng karumihan ng kanyang pakikiapid, na ibinunsod niya ang lahat ng mga hari sa lupa na uminom mula sa alak nito. Tama ba?

<sup>98</sup> Ngayon, nasumpungan natin siya rito na siya'y tinawag na "Jezebel." At si Jezebel, ang kasamaan na ginawa ni Jezebel, noong nagkaroon siya ng kapangyarihan sa gitna ng mga Israelita, pinapatay niya sila at ginawa ang lahat ng magagawa niya, at—at nagtayo ng sarili niyang mga dambana. Tama ba? Ganoon na ganoon ang ginawa ng iglesyang Katoliko. Ganoon mismo. Pero ngayon sige't magbasa pa tayo nang kaunti. Magugulat kayo nito. Kung minsan kapag kayo'y nagugulat, kumakain pa kayo ng marami.

. . . tinatawag *ang kanyang sarili na propetisa*, (Ngayon, kung sasabihin niya, "Ako lamang ang tagapaliwanag ng Salita.") at siya'y nagtuturo at *humihikayat sa aking mga lingkod upang makiapid, . . . kumain ng mga bagay na inihahain sa mga diosdiosan.*

<sup>99</sup> Ang kapatid po na nagtanong tungkol sa "serpiyente," tungkol sa "pagkain ng bunga sa halamanan ng Eden." Nakita n'yo ba kung ano ito (Hindi ba?) noong sabihin Niya, "kumain," dito. Kung ano 'yun, 'yun nga'y sa espirituwal, kita n'yo. At ang . . . at . . .

*At binigyan ko siya ng panahon upang makapagsisi sa kanyang pakikiapid—pakikiapid; at siya'y ayaw magsisi.*

*Narito. Akin siyang iniraratay sa higaan, (Anong klaseng higaan? Ng pagkamakasanlibutan. Ganyan siya mismo ngayon.) at ang mga nakikiapid sa kaniya sa malaking kapighatian, maliban na kung sila'y magsisipagsisi sa kanilang mga gawa. (Yun nga'y papunta na tungo sa Malaking Kapighatian.)*

*At . . . papatayin ng kamatayan ang kaniyang mga anak; . . .*

<sup>100</sup> Whoa! Ang kanyang ano raw? Ang matandang babaing ito'y mayroong mga anak. Ngayon sa Apocalipsis 17. Ilan sa inyo ang . . . ? Lahat kayo'y nandito kagabi, sa palagay ko. Buweno. Sa Apocalipsis 17, ang matandang patotot na ito, ang iglesyang Katoliko, ay tinawag na isang "patotot," at siya'y "nanay ng mga patotot." Hindi nga maaaring mga anak na lalaki, sila kasi'y *mga kaiglesyahan.*

<sup>101</sup> Ngayon nasaan ang iglesyang Lutheran, saan nanggaling ang lahat ng mga ito? Saan nanggaling ang bawat organisasyon? Saan naroon ang pasimula nun, Laodicea ba? Sa dulo'y nabuo ang mga Nicolaita sa ganoon; ganoon nga 'yun nang saktong-sakto uli. Hindi n'yo 'yun mapipigilan, kapatid. Oh, pinuna ni Elias ang bagay na ito noong panahon niya. Pinuna ni Juan ang bagay na ito noong panahon niya. Siyanga, po! Huwag na huwag n'yong iisipin na sasabihin n'yo sa sarili n'yo, "Si Abraham naman ang aming ama: dahil sinasabi Ko na ang Diyos ay may kakayahan na mula sa mga batong ito ay makapagpabangon

Siya ng mga anak kay Abraham.” Kita n’yo? Hindi n’yo ’yun mapipigilan.

<sup>102</sup> Ngayon, siya’y may mga anak. May mga anak ba ang tunay na Jezebel? Siyanga, po! Pakinggan n’yo:

. . . Aking *papatayin ang kanyang mga anak* . . .

<sup>103</sup> Ano raw? Ang iglesyang Katoliko, ang kanyang mga anak ay ang denominasyong Protestante. Kita n’yo, ganoon nga mismo, dahil ginagawa nila ang siya ring bagay. Nagbabautismo papasok sa kanya sa pamamagitan ng kakatwa nilang bautismo, lihis sa kasulatan na bautismo; pakikipagkamay sa halip na Espiritu Santo; “Ama, Anak, at Espiritu Santo” sa halip na “Jesus Cristo.” At ginagawa mismo ang lahat na laban sa Biblia. Ganoon mismo! At sila’y naglalakad papasok mismo roon.

<sup>104</sup> Ang anak niyang babae’y tinawag na Athaliah, A-t-h-a-l-i-a-h. Siya’y kanyang . . . Siya, si Jezebel, ikinasal niya si Athaliah kay Jehoram, ang anak ng hari ng Juda, at paglaon haya’t ang mga dambana ni Baalim ay nakatayo na sa Jerusalem. Ngayon, hindi n’yo na kailangang saliksikin pa ’yun sa kasaysayan, nasa Biblia na mismo. Kita n’yo? Ang kanyang anak na babae, si Athaliah, ay ikinasal sa anak na lalaki ni Josaphat, na si Jehoram. At ang kanyang mga anak na babae’y ginawa rin ang ginawa niya.

<sup>105</sup> Oh, naku! Hindi n’yo ba nakikita? Tingnan n’yo kung papaanong ginawa ito ng mga organisasyon, mga kapatid? Sila nga’y bumaling mismo pabalik matapos kay Luther at sila roon, nang ganoon mismo, at inorganisa ang kanilang mga sarili sa halip na hayaan ang Espiritu Santo. At ganoon na ganoon ang ginawa ng Pentecostal. Hindi na lang nila hinayaan ang Espiritu Santo na manguna sana at gawin ang pamamaraan Nito, at umusad; at ang bawat liwanag na dumarating, ay dapat suriin ito sa pamamagitan ng Salita, at umusad. Hindi na lang nila hinayaan ang Espiritu Santo na manguna mismo, kinailangan pa nilang bumuo ng organisasyon at humiwalay mula sa lahat ng iba pa na darating. Tumugaygay mismo pabalik at ikinasal sa bagay na ’yun muli! Ganoon mismo. Sa pagdako natin sa kapanahunan na ’yan, tingnan n’yo kung ano mismo ang nakaantabay sa inyo sa daan patungo rito. Kita n’yo? Ikinasal mismo pabalik! Sinabi rito ni Jesus, “Siya . . . Ang Jezebel na ito, tinatawag niya ang kanyang sarili na isang ‘propetisa,’ at iwawaksi Ko siya sa higaan ng pagkamakasanlibutan, at papatayin ang kanyang mga anak din” (Ngayon, anong klaseng . . .?) “nang isang kamatayan.”

<sup>106</sup> Ano ’yung . . . anong klaseng kamatayan ang papatay sa kanyang mga anak? Nakikita n’yo sila’y mga patay na ngayon! Patay sa espirituwal! Wala silang kapahayagan! Ang alam nila’y kanilang organisasyon, ang alam nila’y kanilang katesismo, ang alam nila’y kanilang doktrina ng iglesya; pero pagdating

sa kaalaman sa Diyos, ang ilan sa kanila'y walang nalalaman tungkol Dito na mas maalam pa ang isang Hottentot tungkol sa Egipciong kawal; ganoon nga mismo, pagdating sa tunay na may nalalaman tungkol sa Espiritu Santo. Panay hinuha; tinatawag Ito. . . pinagpipilitang tawagin ang Espiritu ng Diyos na isang "manghuhula," o isang "diyablo," ng. . . dahil sa pagtatalos ng mga espiritu, at mga bagay na gaya nun, at pagpapalayas ng mga diyablo. "Aba, hindi siya kasapi ng organisasyon natin. Ang grupo na 'yun, oh, *brrr*." Kita n'yo, wala silang kaalam-alam talaga. At pagkatapos babansagan Ito ng—ng bansag na "Jesus Only," o kung anu-ano na isang "holy-roller," o—o kung anong bagay na gaya nun. Wala talagang kaalam-alam!

<sup>107</sup> At nalalapit na ang oras na ang bagay na 'yan ay malalantad. Ganoon mismo. Gagawin 'yan ng Diyos kung gaanong kasigurado na nakatayo ako sa likod ng pulpitong ito, dahil aagawin Niya ang Kanyang mga anak palayo nang may katiyakan gaya ng pagkakatayo ko rito. Alam mismo 'yan ng Diyos ng Langit. Kung naniniwala kayo na ako'y propeta ng Panginoon, isang lingkod ng Panginoon, pakinggan n'yo ako. Siya'y napipinto na. Siyanga, po.

<sup>108</sup> "Ang kanyang mga anak ay papatayin nang espirituwal na kamatayan." Tingnan n'yo sila: malamig at pormal. Tingnan n'yo ang. . . tingnan n'yo ang ating. . . Hindi natin kailangang talakayin ang mga Baptist at mga Presbyterian, alam na natin nang matagal na patay na sila nang ilang taon. Ang. . .

<sup>109</sup> Noong si Luther ay magkaroon ng kanyang rebaybal, pag-aaring ganap, kung siya lamang ay. . . Kung siya'y nagpatuloy lamang, itong—itong dakilang Pentecostal na pagkilos ngayon ay ang iglesyang Lutheran sana. Ang Liwanag ay darating sa pamamagitan ng pagpapabalan, kung si Wesley ay sumunod lamang. Siya. . . Hindi na nakasunod doon si Luther. Hindi, na, sila kasi'y naging mga Lutheran na.

<sup>110</sup> Kaya noong dumating si Wesley. Matapos na mamatay ni Wesley, ano ngang nangyari kasunod? Nag-organisa sila, at bumuo ng Wesleyan Methodist, Primitive Wes-. . . oh, lahat na ng uri ng mga Methodist. Kita n'yo? At noong. . . Nagkaroon ng dakilang rebaybal, pero noong ihalo nila ang organisasyon, anong nangyari noong dumating ang Pentecostal na nagsasalita sa iba't ibang wika at dala-dala ang pagpapanauli ng mga kaloob? Hindi sila makausad; tinawag pa silang mga diyablo.

<sup>111</sup> Ngayon anong ginawa ng Pentecostal? Siya ring bagay na ginawa nila! At nasaan tuloy sila? Kasing patay na ng pako sa pinto. Siyanga, po! Ganoon mismo. "Irratay Ko ang kanyang mga anak sa higaan ng—sa higaan ng kamatayan, at papatayin sila." Buweno, hayaan—hayaan n'yong basahin ko 'yun para makita n'yo rito, sa palagay ko ay nasa ika-22 talata 'yun:

*At akin siyang iraratay sa higaan, at ang mga nakikiapid sa kaniya sa malaking kapighatian, (ang—ang Malaking Kapighatian). . .*

112 Yun nga ang mangyayari. Ngayon alalahanin n'yo, sige't hihinto lamang ako rito pansumandali, ang Malaking Kapighatian na 'yun ay—ay doon itatapon, ang mga tao na mga natutulog na birhen na walang langis sa kanilang mga ilawan; pero sila'y kasapi sa isang organisasyon, mabubuting tao, nagsisimba, lahat na; pero sila'y nangailangan ng langis, pero huli na. Kita n'yo, siya'y iwawaksi roon sa Malaking Kapighatian, siya'y daranas nun, daranas nun ang iglesyang Katoliko, lahat ng kanyang mga anak ay daranas kasama niya, sa Malaking Kapighatian.

*. . . maliban na kung sila'y magsisipagsisi sa kanilang mga gawa.*

113 Hindi—hindi ang mga anak na naroon sa loob; kundi ang iglesya mismo, 'yun ang mga anak niya (ang organisasyon), hindi 'yung mga tao na naroon, gaya ng kaawa-awang mga Katoliko, mga Baptist, Presbyterian, o mga Pentecostal. Naaawa ako sa kanila. Hayan nga, “Buweno, ako. . .”

“Isa ka bang Cristiano?”

“Buweno, isa akong Presbyterian.” Oh!

114 Wala nga 'yung kinalaman Dito gaya ng sasabihin na “ang isang baboy na may angkasan ay isang pangkarerang kabayo.” Kaya ano pa bang magagawa n'yo tungkol dun? Aba, wala nga. Hindi ko po sinasabi 'yan para magbiro, 'yan. . . hindi po ito. . . hindi ito lugar para sa mga biro, ito po'y—ito po'y ang Ebanghelyo. Kita n'yo? Nais ko lamang magbigay ng pagsasalarawan. Kita n'yo, pero 'yun—'yun nga'y ganoon mismo. Kita n'yo, wala ngang—wala ngang kinalaman 'yun Dito.

“Isa akong Pentecostal.”

115 Wala nga 'yung kinalaman na anuman tungkol Dito. Marahil kaanib ka sa apatnapu't labing-isa sa organisasyon nila, pero ikaw ba'y ipinanganak na muling anak ng Diyos? Sa katunayan, iniibig mo ba ang lahat nang buong puso mo, nang buong kaluluwa mo, at iniibig mo ang Diyos, at ikaw ay araw-araw. . . kahit na ano pa ang gawin sa iyo ng iba? Kung bigla ka na lang mapapatayo at sisinghal, “Humm!” na gaya ng lagaring de motor, ipinapakita lang n'yan na umalis ang Espiritu Santo, kung kinamit mo nga Ito.

116 Tingnan n'yo:

*. . . maliban na kung siya'y magsisisi sa ganoong mga gawa.*

*At papatayin ko ng kamatayan ang kaniyang mga anak;. . .*



117 “Kanyang mga anak,” mga anak ni Jezebel. Ngayon, anong ginawa ni Jezebel? Ikinasal ang kanyang anak na babae sa ibang angkan (angkan ng Juda) sa dako roon, sa dako ng Juda. Ngayon masdan n’yo ang espirituwal na aplikasyon nito. Siguro’y maisasalarawan ko. Heto, masdan n’yo itong maigi ngayon:

118 *Heto* si Jezebel, at Israel. Pero *heto* ang Juda, ibang angkan na nasa dako rito, sa isang banda rito; *heto* naman si Josaphat *dito*. Buweno. Ngayon, *heto* naman si Ahab; ngayon *heto* si Jezebel sa dako naman *dito*. Ngayon, siya’y nagtungo *rito* at nagawang mapadpad ang buong Israel sa pagsamba sa diyus-diyosan.

119 Ganyan mismo ang ginawa ng iglesyang Katoliko noong panahon na pinag-isa ni Constantino ang mga Nicolaita (ang malalamig na mga pormal sa dako *rito*) papasok sa—sa—sa iglesya at sa paganismo, at nagbunsod ng isang paganismong anyo ng Cristianismo. Hindi ko po gustong saktan ang inyong damdamin, mga Katoliko, pero ako ang mananagot sa harap ng Diyos. Ganoon nga mismo ang iglesyang Katoliko sa kabuoan, isang paganong anyo ng Cristianismo: mga pamahiin, at mga diyus-diyosan, at lahat nang iba pa. Ganoon nga mismo, isang paganong anyo lamang. Ngayon, totoo ‘yan. Ako man ay mamatay sa minutong ito, ‘yan po ang katotohanan. At ang mga Protestante’y naroon mismo sa siya ring bagay, iba lang ang kategorya.

120 Ngayon masdan n’yo ang bagay na ginawa ni Jezebel. Pagkatapos, kita n’yo, ang—ang diyablo. . . Ganoon na lamang ang kanyang pamimigay, ginamit niya ang kanyang mga anak na babae. Mayroon siyang anak na babae na ipinanganak *dito*, at itong anak na babae’y magtungo *rito* sa kilalang banal na lalaki at ipapakilala at ikakasal sa anak niyang lalaki; at ganoon din ang ginawa sa dako *rito* kay Josaphat, sa dako naman *dito*.

121 Ngayon, ang tunay na mga Nicolaita, ang mga Nicolaita, ang malalamig na mga pormal na ang nais ay organisasyon, sila’y ikinasal *dito*. At ngayon pansinin n’yo ang siya ring bagay. Kinuha nila si Jezebel *dito* (ang iglesyang Katoliko), at sa dako *rito* kinuha niya ang kanyang anak na babae (kanyang mga organisasyon) at ikinasal ito sa mga ito sa dako roon, at ginawa ang siya ring bagay sa kanila. “Patayin ang kanyang mga anak ng kamatayan,” espirituwal na kamatayan. Inorganisa ang kanilang mga sarili tungo sa kamatayan, at malalaman n’yo na lang, ang buong Espiritu’y nawaglit na.

122 Sabihin n’yo sa akin. Hayaan n’yong magtanong ako ng isang bagay, sa sinumang mananalaysay ng kasaysayan *dito*, na alam ko na may lima o anim sa inyo ang nakaupo rito. Nais kong lumapit kayo at magpakita ng isang Kasulatan o—o isang teksto man ng—ng kasaysayan, na mayroon sa alinmang mga iglesya na

nahulog at bumalik sa pagka-organisasyon ay nagbangon muli sa pamamagitan ng isang rebaybal. Sabihin n'yo sa akin. Noong organisahin nila ang kanilang mga sarili, nagkaroon ba sila ng rebaybal matapos na sila'y mag-organisa? Hindi, po! Iniwang sila ng Espiritu. Isinasama ko rito pati ang Pentecostal.

<sup>123</sup> Noong bumaba noon ang mga Pagpapalang Pentecostal, at lahat kayo'y nagsalita sa iba't ibang wika, kayo na matatagala, kinamit ang dakilang mga Pagpapalang Pentecostal na 'yun at mga bagay, na bumuhos. Makalipas lang ng ilang panahon mayroon na kayo nitong tinatawag na Pangkalahatang Konseho. Ayos lang ang organismo, pero hindi ang organisasyon. Malalaman n'yo na lang, hindi n'yo na 'yun mapipigilan, kinakailangan n'yong bumalik at maging "isang anak ni... Satanas," at iorganisa ang inyong sarili.

<sup>124</sup> At pagkatapos may isa na namang Liwanag na dumating, ukol sa Pangalan ni Jesus Cristo. Pagkatapos sila'y namalagi roon, at ang sabi, "Purihin ang Diyos, kung hindi mo kamit ang pangalan ni Jesus, pupunta ka sa impyerno. At nakamit namin Ito, at hindi n'yo Ito nakamit." Anong ginawa nila? Namatay mismo roon sa daan na kanilang tinatahak; bumuo kasi ng organisasyon mula rito. Kita n'yo? Sa halip na pabayaang dumadaloy ang Liwanag sa iglesya, para kusa itong gaganap sa tamang puwesto nito. Pero inorganisa n'yo ang inyong sarili. Ano 'yun? Isang anak ni Jezebel. At namatay silang lahat, na sama-sama.

<sup>125</sup> Ngayon gusto ko kayong tanungin ng isang bagay. Ang mga Assemblies of God ba, o ang mga Oneness, o—o anumang iba sa kanila'y nagbangon sa isang malaking nagkakaisang rebaybal? Wala nga! Ito ang huling rebaybal na dumaaan, na ang Espiritu Santo'y bumaba sa may ilog (marami sa inyo na nakaupo rito ngayon) noong 1933, at itong dakilang gawain ng pagpapagaling ay papangyari pa lang noon, ang sabi'y, "Lalaganap ito sa buong mundo," at hindi 'yun nanggaling sa anumang ibang organisasyon. Nagtungo ang Diyos sa labas na mga dako at nagpalitaw ng isang hetano, halos, para pasimulan ang rebaybal na 'yun. At tingnan n'yo kung anong nagawa Nito! Kita n'yo?

<sup>126</sup> Ang mga organisasyon na 'yun, noong sila'y mag-organisa mismo, sila'y patay. Sinabi Niya, "Aking papatayin ang kanyang mga anak ng kamatayan." Oh, grabe! Alam ko na kayo'y... Huwag po kayong sumama ang loob sa akin, pero aking... Kung nalalaman ko kasi Ito at hindi ko Ito ipagsasabi, isa akong tahasang ipokrito, at pananagutin ako ng Diyos dahil Dito. Nais kong maging gaya ni Pablo, "Hindi ipagkait ang pagsaysay sa buong kapasyahan ng Diyos." Ganoon nga. Buweno. Buweno.

<sup>127</sup> Ngayon, at nagtayo sila ng mga dambana sa Jerusalem. Ngayon nais kong makita... At noong pakasalan ni Jezebel si Ahab, dinala niya ang mga diyus-diyosan para yukuan ng Israel.

Ganoon din ang ginawa ng doktrinang Nicolaita, ikinasal sa paganismo; inalis si Jupiter, ipinalit si Pedro; at kay Venus, ipinalit si Maria; at gaya ng sinabi ng Biblia, “Ibinunsod niya ang buong Israel na magkasala.”

<sup>128</sup> Mangyari nga na ibinunsod din ng iglesyang Katoliko ang lahat ng mga anak na babae na ikasal tungo sa pagiging organisasyon, at ang buong ’yun ay pagkakasala, gaya ng ginawa ni Jezebel sa kanyang anak na babae. Buweno. At dahil dun naitayo ang herarkiya, at si Pope Boniface—Boniface III ay umupo na sa kanyang luklukan, at mayroon na silang isang—isang diyus-diyosan na nakaupo sa luklukan, wala na silang mapakikinabangan sa bautismo ng Espiritu Santo sa iglesya. Ganoon nga. Mayroon na silang mga kredo at mga pormal, at nagpatuloy na sila sa ganoon.

<sup>129</sup> At noong tanggapin ng organisasyon ang siya ring dogma, niyurakan nila ang kalayaan ng Espiritu Santo sa iglesya, Baptist, Presbyterian, Methodist, at iba pa. Ganoon mismo ang ginawa nila! At unti-unti natin silang nakikita na natutuyo at naghihingalo gaya ng sinabi ni Jesus ukol sa halamang gumagapang. Ngayon, lahat ng mga tanda’t mga kababalaghan ng Espiritu Santo’y isinantabi na sa lipas na panahon. At sila’y yumaman, gaya ng nangyari sa kanya. Kaya ibinunsod niya ang buong mundo na magkasala, dahil siya’y umabot sa bawat bansa, siya at ang kanyang mga anak na babae. Ganoon nga.

<sup>130</sup> Ngayon masdan n’yo ang Diyos na tinatawag siya sa panibago nang kapanahunan ng iglesya. Masdan n’yo na Kanyang tinatawag siya. Masdan n’yo kung papaanong nakikiusap Siya rito sa dulo, at kinukuha na mismo ang Kanyang mga Nalalabi, “alang-alang sa mga Hinirang,” kakaunti lamang, na walang laman ang makaliligtas kung . . . ang iba’y hindi nga.

<sup>131</sup> Gaya ng nasusulat sa Apocalipsis 13:6. Gusto n’yo bang dumako roon pansumandali? Anupa’t sinabi Niya na Siya . . . na “Ang babaing ito’y magbubunsod na ang lahat ay tanggapin ang isang marka (ginawa nga nitong hayop), ibunsod ang lahat na tanggapin ang marka (mahihirap man, bantog, sinuman sila), isang marka ng hayop,” na siyang Iglesya ng Romano Katoliko.

<sup>132</sup> Maaaring ganoon o sila’y gumawa ng larawan . . . Apocalipsis 13:14, gumawa sila ng larawan ng hayop. Kayo—kayo . . . Sa palagay ko ay nababasa n’yo itong lahat. Kung hindi pa, sige, tayo’y bumuklat pabalik at basahin ito. Apocalipsis 13:14:

*At nadaya niya ang mga nananahan sa lupa dahil sa mga tanda na sa kaniya’y ipinagkaloob na magawa sa pangingin ng hayop; (Iyon nga itong kompederasyon ng iglesya). . . at magawa sa pangingin ng hayop; na sinasabi sa mga nananahan sa lupa, na dapat silang gumawa ng isang larawan na ukol sa hayop, na mayroon*

*ng nakamamatay na sugat (paganismo) . . . at ng tabak, at nabuhay . . . (sa pamamagitan ng papa, ang paganong Roma ay naging papal na Roma. Kita n'yo?)*

<sup>133</sup> “gumawa ng larawan ukol sa kanya.” Ano kaya 'yun? Sadya ngang kung anong ginagawa nila ngayon, ganoon mismo, sumasapit sa kompederasyon na ito ng mga kaiglesyahan, “Lahat ng mga iglesya’y kabilang sa organisasyon na ito, ang lahat ay magiging isang grupo na lang.” Ngayon mayroon na silang Biblia. At inimbitahan silang lahat ni Pope John. Ang arsobispo ng Canterbury, ang lahat ay pumupunta roon. Malalaman n’yo na lang, ang buong ‘yun ay magbabalik mismo sa *Nanay*, dahil sila’y mga patotot sa simula’t sapul. Kita n’yo? Sinasabi nila, “Lahat tayo’y magsasama-sama para sa isang malaking layunin para labanan ang Komunismo.” At hindi nalalaman na pinasibol ng Diyos ang Komunismo (mapapatunayan ko ‘yan sa pamamagitan nitong Biblia.) at inilagay pa nga sa kanilang mga isipan na gumanti alang-alang sa mga banal noon, dahil sa dugo na kanilang binubo sa lupa. Inorganisa ng Diyos ang Komunismo gaya ng Kanyang ginawa noon kay Haring Nabucodonosor para—para parusahan ang Israel. Ibinangon Niya ang komunismo, at balang araw ay pasasambulatin nito ang Roma para mabura sa mapa. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Ganoon mismo. Ang Diyos ang may sabi. Tama ‘yun.

Ako po’y laban sa komunismo; ‘yun po’y laban-sa-Diyos. Tunay nga. Pero huwag n’yong pagtuunan nang masyadong pansin ang Bakal na Kurtina na ‘yun, kundi ang bantayan n’yo ay ang lilang kurtina. Basahin n’yo ang *Book of Martyrs* ni Foxe at makikita n’yo ito, ganoon nga.

<sup>134</sup> Ngayon tingnan natin kung saan tayo . . . At pagkatapos makikita n’yo rito ngayon na kanyang ibinunsod ang lahat (mayaman, mahirap) na tanggapin ang isang marka; pero may isang klase lamang na hindi niya masasaling. Nalalaman n’yo ba ‘yun? Apocalipsis 13: . . . 8.

<sup>135</sup> Pakinggan n’yo ito. Sige’t babasahin ko ito:

*At ako’y tumayo sa buhanginan ng dagat, at nakita ko ang isang hayop na umaahon sa mga dagat, na may sangpung sungay at pitong ulo, . . . sa mga sungay . . . mga diadema, at sa mga ulo ay pangalan ng kapusungan. (Yan po ang pitong burol; natalakay na natin ‘yan kagabi, alam n’yo.)*

*At ang hayop na iyong nakita ay katulad ng isang leopardo, . . . ang mga paa ay gaya—gaya ng sa oso, at ang kaniyang bibig . . . bibig ng leon: at ang dragon (Na yaong pulang diyablo na tumayo sa harapan ng babae para kainin sana ang kanyang anak, na yaong Roma, gaya ng nalalaman nating lahat.) . . .*

at *ibinigay sa kanya...ang kapangyarihan, at ang kaniyang luklukan, at dakilang kapamahalaan.*

*At nakita ko ang isa sa kaniyang mga ulo na waring sinugatan ng ikamamatay; (paganismo, kita n'yo) at ang kaniyang sugat na ikamamatay ay gumaling: (humalili ang papal, na isinanib sa Cristianismo, kasama ang mga Nicolaita) at ang buong lupa'y nanggilalas sa hayop.*

136 Lumaganap ang Katolisismo sa bawat bansa sa ilalim ng kalangitan. Ganoon nga. Gaya ng sinabi ni Daniel tungkol sa bakal na tumutugaygay sa putik, at iba pa.

137 At may munting bagay ako na ilalahad sa inyo tungkol diyan, yaong “bakal at putik.” Napansin n’yo ba, o nabanggit ko na ba sa inyo ito, na doon sa huling malakihang pagtitipon na ginanap nila rito kung saan hinubad ni Khrushchev ang kanyang sapatos at pinukpok ang mesa gamit ’yun? Naroon nga ang limang silanganing bansa na nagkatipon doon, naroon din ang limang kanluraning bansa. Pinamumunuan ni Khrushchev ang mga silanganing bansa, pinangungunahan naman ni Eisenhower ang kanluraning mga bansa; hayan ang dalawang pangunahing namumuno, ang dalawang malaking daliri sa paa. Ang *Khrushchev*, sa Rusya, ang ibig sabihin nun ay “putik.” Ang *Eisenhower* naman, sa Amer- . . . sa Ingles, ang ibig sabihin ay “bakal.” Narito na tayo sa wakas.

*At sila'y nangagsisamba sa dragon na ibinigay niya ang kapamahalaan sa hayop: at... (Yan po ang kasunod nating mensahe rito sa tabernakulo, nauunawaan n'yo.) . . . at nangagsisamba sila sa hayop, na nangagsasabi, Sino ang kagaya ng hayop? at sinong makababaka sa kaniya?*

138 Sa madaling sabi, tingnan n’yo rito. Si Eisenhower ay may—may malaking pangalan dito sa Estados Unidos, pero sa Roma hindi siya kilala; sa Rusya, hindi siya kilala. Si Khrushchev ay kilala sa Rusya, pero hindi kilala rito sa Estados Unidos. Pero may isang tao nga na malaki sa lahat ng dako, ’yun ang papa (Ganoon nga.) “Torganisa natin ang ating mga sarili, at magsama-sama tayo.”

*At binigyan siya ng isang bibig na nagsasalita ng malalaking bagay . . . kapusungan; . . . binigyan siya ng kapamahalaan upang magpatuloy nang apat na pu't dalawang buwan.*

*At binuka niya ang kaniyang bibig at pinusong ang Dios, (at “ang itinuturo bilang doktrina’y mga kautusan ng tao; matitigas ang ulo, mga palalo, mga maibigin sa kalayawan; mayroong anyo ng kabanalan, datapuwat tinatanggihan ang Kapangyarihan nito”) . . . at pinusong ang kaniyang pangalan, (Ginamit ang “Ama, Anak, at Espiritu Santo” sa halip na “Panginoong*

Jesus Cristo.” Kita n’yo?) *at ang kaniyang tabernakulo, at gayon din naman ang mga nananahan sa may . . . sa — sa langit.*

*At ipinagkaloob sa kaniya na makipagbaka laban sa mga banal, (hayon nga ang pag-iral ng pag-uusig) at pagtagumpayan sila: at binigyan siya ng kapamahalaan sa bawa’t angkan, . . . mga wika, at mga bansa.*

*At ang lahat ng nangananahan sa lupa — sa lupa ay magsisisamba sa kaniya, na ang kanikaniyang pangalan ay hindi nasusulat sa aklat ng buhay ng Cordero na pinatay buhat nang itatag ang sanglibutan. (Oh, oh, oh, oh, oh, oh, oh.)*

139 “Buhat nang itatag ang sanlibutan.” Ang ating mga pangalan, kung ito ay naisulat sa Aklat na ’yun, ay naroon na ito noon pa. Sabi ni Jesus, “Walang makalalapit sa Akin maliban na palapitin siya muna ng Aking Ama, at ang lahat ng ibinigay na ng Ama sa Akin ay lalapit sa Akin. Nakikilala ng Aking mga tupa ang Aking Tinig,” (Ito ang Pagkain, kita n’yo.) “at sa iba’y . . .”

140 Pagkatapos nga’y sasabihin niya, “Buweno, kaaanib ko lang sa iglesya, ako’y kasing buti mo.” Hindi ’yan ang Pagkain ng tupa.

141 *Heto* ang Pagkain ng tupa, “Nakaupo na magkakasama sa dakong Makalangit kay Cristo.” Oh, Siya’y kahanga-hanga! Hindi ba? Buweno.

142 Ngayon tapusin na natin ito nang mabilis dahil ano na po, siyanga, atrasado na tayo sa oras ngayon. Buweno. “Datapuwat sinasabi Ko . . .” Tingnan natin ngayon, narito ako sa ika-23 talata:

*At papatayin ko ng kamatayan ang kaniyang mga anak; at malalaman ng lahat ng mga iglesya na ako’y yaong sumasaliksik ng mga paguisip at ng mga puso: at bibigyan ko ang bawa’t isa sa inyo ng ayon sa inyong mga gawa.*

*Datapuwat sinasabi ko sa inyo, at sa mga iba na nasa Tiatira, sa lahat ng walang aral na ito, . . . (Anong klaseng doktrina ’yun? Organisasyon, mga obispo, at mga arsobispo, at mga papa, kita n’yo.)*

143 “Na walang ganitong doktrina.” Ngayon, ang Biblia, nasumpungan natin kagabi na ang Israel, sa pagdaan sa Moab, hindi pa sila isang bansa. Basta naninirahan lang sila sa ibabaw ng lupa, at sila’y isang bayan, na malaya. Tama ba? Isang tipo; na mga naglalakbay-lakbay, nagtotolda at kung ano pa. Ganoon din ang mga pentecostal na grupo, ang tunay na pentecostal, naglalakbay-lakbay sa iba’t ibang lugar. Kita n’yo? Buweno.

... at *wala ang aral na ito* (bagkus ay inorganisa ang kanilang sarili, at binuo itong malaking organisasyon mula rito) ... na *wala ito... na hindi nakakaalam ng malalalim na bagay ni Satanas,...*

144 Ngayon alalahanin n'yo na nalaman natin kung saan naroon ang luklukan ni Satanas. Kagabi natunton natin siya hanggang sa pinakasimula mismo. Kung nasaan naroon ang kanyang luklukan noong pasimula? Sa Babilonia. At ang Babilonia... Noong ang—ang herarkiya, ang isang saserdoteng-hari ng Babilonia, ay tinutugis noon ng mananakop na mga taga-Caldeo, nagtungo siya sa Pergamo at doon inilagay ang kanyang luklukan. Kita n'yo, inilipat ang kanyang luklukan mula sa lupain ng Shinar patungo sa Pergamo. Nabasa natin 'yun sa mga kasaysayan kagabi. At ngayon doon ay nagpasimula siya, binuo ang iglesyang Katoliko, na nananatiling inang Babilonia. Siyanga, "Ang luklukan ni Satanas."

... at ang luklukan *ni Satanas, gaya ng sinasabi nila; hindi na ako* magpapasan sa inyo ng ibang pasan.

145 "Wala nang pasan; ang pasan na lamang na pasan-pasan n'yo." Itong munting minoritya roon, kita n'yo, na piniga palabas sa Madilim na Kapanahunan na ito. Ngayon halos labing-limang daang taon na dinanas nila 'yan.

*Gayon may ang nasa inyo'y panghawakan ninyong matibay hanggang sa ako'y pumariyan.* (Sa madaling sabi, "Kamit n'yo pa rin ang Pentecostal na Pagpapala sa inyong mga puso. Panghahawakan n'yo 'yun hanggang sa Ako'y darating na bibigyan kayo ng kaginhawaan, dahil ang susunod na kapanahunan ay parating na mismo.")

... *ang magtagumpay, at tumupad ng aking mga salita hanggang sa katapusan, ay bibigyan ko ng kapamahalaan sa mga bansa:*

*At sila'y paghaharian niya sa pamamagitan ng isang panghampas na bakal; at gaya ng isang sisidlan ng magpapalayok na kanilang dudurugin na magpirapiraso: gaya naman ng tinanggap ko sa aking Ama.*

146 Nakikita n'yo ba, ang Iglesya na 'yun, kung anong kahihinatnan nito kapag ang Iglesya ng Madilim na Kapanahunan ay titindig sa paghatol laban sa paganong grupo ng...sa dako roon? Sila nga'y sasagasaan mismo! Ang mga tansong paa na 'yun ay yuyurak doon, sinasabi ko sa inyo! "Kanyang dudurugin sila na magpira-piraso," ang sabi ng Biblia.

*At sa kaniya'y ibibigay ko ang tala sa umaga.* (Alam n'yo kung ano 'yun, hindi ba? Si Cristo ang "Tala sa Umaga." Buweno.)

*Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia.*

147 Oh, grabe! Hindi ba kayo nagagalak! Medyo atrasado na po. Marami pa ako rito, itutuloy ko na lang marahil bukas ng gabi, tungkol dito sa dalawang libong taon doon.

But He's the Lily of the Valley, the Bright and  
Morning Star,  
He's the fairest of ten thousands to my soul.  
Lily of the Valley, in Him alone I see,  
All I need . . . and make me fully whole.  
In sorrow He's my comfort, in trouble He's my  
stay,  
He tells me every care on Him to roll.  
Hallelujah!  
He's the Lily of the Valley, the Bright and  
Morning Star,  
He's the fairest of ten thousands to my soul.

148 Iniibig n'yo ba Siya? Oh, ako nga'y sadya:

I love Him, I . . .

Ngayon sambahin natin Siya ngayon, pagkatapos nitong lahat ng mga nakahihiwang mga Salita at Mensahe.

Because He first loved me  
And purchased my salvation  
On Calvary's tree.

149 Hindi ba't kahanga-hanga Siya! Iniibig ko Siya. Ngayon, ang mga bagay na hindi ko natalakay, ay mailalagay sa mga libro, siyanga, dahil hindi natin kayang talakayin ang buong kapanahunan ng iglesia sa isang gabi lang. Medyo hininaan ko nga lang nang kaunti ngayong gabi, dahil medyo napapaos ako. Pero, oh, hindi ba't kahanga-hanga Siya! Oh! Hmm!

There are people almost everywhere,  
Whose hearts are all on flame,  
With the Fire that fell on Pentecost,  
That cleansed and made them clean;  
Oh, It's burning now within my heart,  
Oh, glory to His Name!  
I'm so glad that I can say I'm one of them.

Oh, one of them, I'm one of them,  
I'm so glad that I can say I'm one of them,  
(Hallelujah!)  
One of them, one of them,  
I'm so glad that I can say I'm one of them.

150 Kayo ba'y nagagalak? Naalala ko noong umuwi ako galing sa Chattanooga isang gabi; at lumapag ang eroplano sa—sa—sa Tennessee, doon sa Memphis. Pinatuloy nila ako sa isang



malaki't, magandang hotel doon. At tinawagan ako, sabi, "Aalis ang eroplano ng—ng alas siyete, kinaumagahan."

<sup>151</sup> At may dala-dala akong ilang mga liham na ihuhulog ko sa hulugan ng sulat; na papauwi na ako, sinulatan ko ang ilan sa mga kaibigan ko. At sa paglalakad ko, ang sabi sa akin ng Espiritu Santo, "Magpatuloy ka lang sa paglalakad." Kaya nagpatuloy ako, nakarating ako sa distrito ng mga itim.

<sup>152</sup> Nakatayo ako roon, sa isip-isip ko, "Naku! Ano na pala, oras na't aalis na ang eroplano."

<sup>153</sup> Tapos patuloy na sinasabi ng Espiritu Santo, "Magpatuloy ka lang sa paglalakad." Kagaya nga ng ginawa Niya roon sa kakahuyan noong isang araw sa dako roon, alam n'yo. "Magpatuloy ka lang sa paglalakad." Kaya nagpatuloy ako sa paglalakad.

<sup>154</sup> Mangyari nga na napatingin ako sa isang dako roon, sa isa sa mga munting barangbarong ng mga itim kung saan nakatira ang mga itim, mga mahihirap, sa dako roon. Isang matandang Aunt Jemima, na tipikal, na may pangkabataang kamiseta na nakatali sa kanyang ulo, nakasandal sa . . . nang paganoon.

<sup>155</sup> At naglalakad ako roon na umaawit:

Ako'y . . . isa sa kanila, ako'y isa sa kanila,  
Ako'y nagagalak na sabihin na ako'y isa sa  
kanila, (Oh, Hallelujah!)

*"At ano pong nais Mo, Panginoon?"*

Isa sa kanila, ako'y isa sa kanila,

Naniniwala ba kayo sa pangunguna ng Espiritu? Tunay nga.

Ako'y nagagalak na sabihing ako'y isa sa  
kanila.

<sup>156</sup> Yun po'y mga labing-apat na taon na ang nakararaan ngayon. Naroon nga ang babae na nakasilip sa may bakuran. Ako marahil ay, oh, mga kalahating bloke ang layo mula sa kanya, at natanaw ko itong matandang, itim na babae na nakatitig sa akin, alam n'yo. Buweno, nagpatuloy ako, huminto muna ako sa pagkanta, papalapit na roon. Noong makalapit na ako sa kanya, malalaki't buong mga luha ang naroon sa kanyang malaki't matabang pisngi; tumingin siya sa akin, sabi, "Magandang umaga, Parson!"

<sup>157</sup> Lumingon ako, sabi ko, "Kumusta na po kayo, Auntie?" Tapos sabi niya . . . Bumaling ako, tumatawa siya, may malaking ngiti siya sa kanyang mukha. Sabi ko, "Papaano mo nalaman na isa akong parson?" Doon po kasi sa Katimugan, alam n'yo, ang tawag nila sa *mangangaral* ay isang "parson." Sabi . . . Sabi ko, "Papaano n'yo po nalaman na isa akong parson?"

Sabi niya, "Alam ko mismo na paparating ka!"

Tapos sabi ko, “Papaano mo nalaman ’yun? Nakikilala mo po ba ako?”

Sabi niya, “Hindi, po.” Tapos sabi niya, “Alam ko lang na paparating ka.” Sabi, “Narinig mo na ba ang kuwento tungkol sa babaing Sunamita?”

Sabi ko, “Siyanga, po.”

<sup>158</sup> Tapos sabi niya, “Buweno,” sabi niya, “Ako po’y parang ganoong uri ng babae.” Sabi niya, “Haya’t binigyan ako ng Panginoon ng isang anak, at sinabi ko sa kanya . . . sinabi ko sa Diyos na akin siyang palalakin.” Sabi, “Mahirap na babae lang ako. Naglalaba ako’t nagtrabaho para sa mga taong puti bilang hanapbuhay.” Sabi niya, “Tapos sinabi ng Diyos sa akin na Kanyang—Kanyang bibigyan ako ng anak, at sinabi ko sa Kanya na akin siyang palalakin.” Sabi, “Pinalaki ko siya sa pinaka mainam na nalalaman ko kung paano, pero” sabi, “Parson, nasama siya sa maling mga kasama. Nagkaroon siya ng sakit, at wala kaming alam tungkol dun.” Sabi, “Nasa malalang yugto na siya. At mamamatay na siya, hayan po siya sa higaan.” Sabi, “Wala siyang malay, magdadalawang araw na.” Sabi, “Nagpunta rito ang lalaking doktor at sabi, ‘Kinain na nun ang puso niya’t iba pa, napunta na sa daluyan ng dugo, ganon na ngang kalala ang pinsala sa kanya; kaya ’yung mga gamot na ibinibigay niya sa kanya ay wala nang maitutulong sa kanya ngayon.’” Tapos sabi, “Mamamatay na siya.” Tapos sabi, “Hindi ko maatim na makita siya na mamatay, na isang makasalanan.” Tapos sabi, “Nanalangin ako at nanalangin ako,” sabi, “buong magdamag akong nanalangin.” Sabi, “Wala siyang malay, wala siyang kamalay-malay.” Sabi, “Ganyan siya nang magdadalawang araw na.”

<sup>159</sup> Sabi, “Nanalangin ako, sabi ko, ‘Panginoon, Ikaw po ang nagbigay sa akin ng anak na ito’ at sabi, ‘katulad ng Iyong ginawa sa babaing Sunamita.’ Sabi, ‘Nasaan na ang Iyong Elias? Nasaan ang . . .?’ Sabi, ‘Buweno, saan—saan naroon ang bagay na makatutulong sa akin?’”

<sup>160</sup> Tapos sabi, “Nakatulog ako habang nakaluhod.” Tapos sabi niya, “Nangusap sa akin ang Panginoon, sa panaginip ko,” at ang sabi niya, “Lumabas ka at tumayo sa tabi ng tarangkahan. At may lalaki na paparating sa kalsada, na nakasuot ng munting, kulay-abelyanang sumbrero at isang maitim na amerikana. Ang sabi Niya, ‘Kakausapin ka niya.’”

<sup>161</sup> Tapos sabi niya, “Nakatayo na ako rito bago pa magliwanag.” At kaya ang likod niya’y basa sa hamog. Tapos sabi niya, “At natanaw po kita na paparating na may suot na kulay-abelyanang sumbrero,” sabi niya, “pero dapat may dala kang isang munting maleta.”

<sup>162</sup> Sabi ko, “Naiwan ko ’yun sa hotel.” Kita n’yo? Tapos sabi ko, “Ang anak mong lalaki ba’y may sakit?”

Sabi, "Mamamatay na po siya."

Sabi ko, "Ang pangalan ko ay Branham." Sabi ko, "Nakikilala mo ba ako?"

Sabi niya, "Hindi, po, Parson Branham, hindi pa po kita—hindi pa po kita nakikilala."

Sabi ko, "Nananalangin ako para sa mga maysakit." Hindi siya interesado dun. Ayaw lang niyang mamatay ang kanyang anak na lalaki, na isang makasalanan.

<sup>163</sup> Pumasok ako; mayroon silang lumang tarangkahan dun na may parang hugis araro na nakatali roon para bumalik 'yun sa pagkakarado (marahil marami sa inyo na mga taga-Norte ang hindi alam kung ano 'yun), pero, para mapanatili nun na sarado ang tarangkahan. At lumakad ako papasok sa bahay, sa munti't, maliit, na lumang dalawang-kuwarte (mukha 'yung munting . . . gaya ng tinatawag natin na munting "iskopetang bahay") parang ganoon, na nakatayo roon; may silid *dito*, at 'yun na ang sala, silid-tulugan, at lahat na mismo; at 'yung kusina'y sa likod *doon*. Noong pumasok ako . . . Isa 'yung munting dako na napipinturahan ng puti, at mainam, na payak lang ang gilid, at pinagpatong-patong na tabla 'yung dingding. Kaya naman . . . Hindi, sa pagkakaalala ko ay may papel de alkitran 'yung ibabaw ng bubong niya, naalala ko na may nakita akong malalaking bula, na parang hamog, na nakalaylay sa ibabaw nun.

<sup>164</sup> Pagkatapos noong pumasok na ako, mayroong paskil sa pintuan, sabi, "Pagpalain ng Diyos ang Aming Tahanan." Doon sa may sulok ay may isang lumang higaang kuwadro sa dako rito, at isa sa kabila naman nun. Doon nga'y nakaratay ang isang malaking katawan na lalaki (wala man lang latag ang sahig), malaki ang pangangatawan na lalaki, matangkad na mainam ang itsura na binatilyo na naroon. Sa palagay ko siya'y nasa . . . ang timbang niya marahil ay sandaan at pitumpu o walumpung libra, halos anim na talampakan ang taas niya. At 'yung kumot ay nasa kamay niya, umuungol, "Uhm. Uhm."

<sup>165</sup> Tapos sabi ng babae, "Beybi ni mama."

<sup>166</sup> At sa isip-isip ko, "Beybi ni mama." At sa kabila nun ay nagkaroon ang binatilyo ng—nagkaroon ang binatilyo ng nakakahawang sakit, syphilis. At siya'y—siya'y mamamatay na.

<sup>167</sup> At hinalikan siya ng nanay niya sa noo, at tinapik-tapik siya nang paganito, sabi, "Beybi ni mama."

<sup>168</sup> Haya't, tumaba ang puso ko. Sa isip-isip ko, "Oo, kahit na gaano ka pang kalugmok sa kasalanan, ikaw ay kanyang beybi pa rin." Pagkatapos naisip ko, "Kita n'yo, kahit na gaano pang kasama ang kalagayan niya, nananatili pa ring 'Beybi ni mama.'" At sa isip-isip ko, "Sinabi ng Diyos, 'Makalimutan man ng isang nanay ang kanyang pinasususong sanggol; pero hindi Ko kayo

makakalimutan, dahil ang inyong pangalan ay nakaukit sa mga palad ng Aking kamay.” Kita n’yo? Papaano nga!

169 Tiningnan ko ang kaawa-awang matandang banal na lumalakad doon. Masasabi n’yo nga, kapatid, wala man siyang mga kagamitan sa bahay na ’yun; pero mayroon siyang bagay sa loob ng kanyang bahay na ang bawat bahay sa Indiana o saanmang lugar ay dapat na mayroon; ang Diyos nga. Mas pipiliin ko nga ang ganoon kaysa sa isang malaking mainam na tahanan na may mga nakapaskil na larawan ng mga kababaihan, at lahat ng mahalay, na karima-rimarim na bagay. Mayroon pang lumang Biblia na nakapatong doon na nakabuklat pa nga Ito, ’yung mga lumang pahina Nito’y kulu-kulubot na.

170 Tiningnan ko ang ginang. Tapos sabi niya, “Dumating ang Parson para ipanalangin ka, bunso.”

171 Sabi ng binatilyo, “Uhm. Uhm. Madilim. Uhm.”

172 Tapos sabi ko, “Ano ’yung sinasabi niya?”

Sabi ng ginang, “Hindi na niya nalalaman. Ang sabi ng lalaking doktor, ‘Wala na siya sa katinuan.’” Sabi, “Iniisip niya na nasa malaking dagat siya sa kung saan, at siya’y nagsasagwan ng isang bangka, at siya’y naliligaw.” Tapos sabi, “Yan ang hindi ko maatim, Parson: ang malaman na ang aking anak ay mamamatay na, na napariwara.” Tapos sabi niya, “Alam ko na naparito ka para tulungan ako, dahil sinabi mismo ’yun sa akin ng Panginoon.”

Sabi ko, “Ipapanalangin ko siya,” tapos sabi ko, “marahil pagagalangin siya ng Panginoon.”

173 Hindi nga siya interesado dun, ang gusto niya mismo’y tumayo ang binatilyo at sabihin nito na siya’y ‘ligtas.’ Ganoon lang, basta’t siya’y ligtas. Kahit na ano pa, na siya’y yayao ano’t anuman, maski, kailan pa; basta’t ligtas siya! Oh, kung makukuha lamang natin ang ganoong pag-uugali! Ang Walang Hanggan na Tahanan na ’yun sa ibayo, alam niya na siya’y mabubuhay kasama siya uli pagkatapos.

Sabi, “Kung maririnig ko lamang siya na sasabihin niya na siya’y ‘ligtas.’”

Sabi ko, “Sige’t lumuhod tayo.” Pagkatapos lumuhod siya. At hinawakan ko ang mga paa nung binatilyo, at ’yung mga paa niya’y talagang malamig at malagkit. At hindi ko mahila ang kumot sa ibabaw niya, isang munti’t—isang munti’t manipis na kumot ang ikinumot ng nanay niya sa kanya roon; at ang suot lang niya’y shorts, alam n’yo.

174 At kaya siya. . . At kanyang hinihila-hila ’yun pabalik nang paganoon, haya’t iniisip niya na nakasakay siya. Hawak-hawak niya mismo ’yun, at sa isip niya’y nagsasagwan siya. Paulit-ulit niyang sinasabi, “Napakadilim. Uhm. Uhm. Napakadilim.” Mangyari nga na sinubukan ng ginang na kausapin ang

binatilyo; at paulit-ulit lang niya na sinasabi, “Madilim at malamig,” nagsasagwan.

175 Pagkatapos ako’y—ako’y tumingin sa ginang nang kaunti, at lumuhod siya noon, tapos sabi ko, “Auntie, maaari mo bang pangunahan ang pananalangin?”

Sabi niya, “Sige, po.”

176 Hayun nga siya, at ako, at ang binatilyo, at ang Espiritu Santo sa silid na ’yun, ’yun lang. Ang matandang banal na ’yun ay nanalangin. Grabe! Anupa’t kinausap ng ginang ang Panginoon, malalaman n’yo nga na lagi na niyang kinakausap ang Panginoon noon pa. Siyanga, po! Alam ng ginang kung sino ang kausap niya. Sabi niya, “Panginoon, hindi ko po alam kung anong gagawin Mo,” sabi niya, “pero ang lahat po ng mga bagay ay lumalapat mismo sa pagkakasabi Mo.”

177 Oh, grabe! Oh! Galak na galak ako, galak na galak ako na Siya’y nananatiling siya pa ring Jesus kung papaano Siya noon sa mga banal sa sinaunang panahon doon. Siya’y nananatiling siya pa ring Jesus ngayon.

178 At hindi ko tinanong ang tungkol sa relihiyon niya, kung siya ba’y Baptist, Pentecostal, o kung ano. Hindi ko na kailangang malaman pa. Ako lamang—ako lamang ay sumusunod sa Espiritu Santo, at ganoon din ang ginagawa niya. Ninanais namin noon na makita kung ano mismo ang gagawin ng Diyos.

179 Kaya lumuhod kami, at ang ginang ay nagsimulang manalangin. Noong matapos na siyang manalangin, tumayo siya at hinagkan ang ulo nung binatilyo, sabi, “Diyos, Iyo pong pagpalain ang aking anak.”

180 At pagkatapos ang sabi niya, “Ngayon maaari ka po bang manalangin, Parson?”

181 Tapos sabi ko, “Sige po, ginang.” At doon mismo mga kalahating oras na pasado ng alas otso, marahil sangkapat na oras bago mag-alas nuwebe, at ako’y nasa . . . dalawang milya ang layo mula sa lugar, at—at ang eroplano’y aalis ng alas siyete; at di ko alam kung ako ba’y makakaalis dun.

182 Mangyari nga na ipinatong ko ang aking mga kamay sa mga paa nung binatilyo, sabi Ko, “Makalangit na Ama, hindi ko po ito maiintindihan. At Ikaw . . . Ako—ako po’y dapat sasakay na ng eroplano kani-kanina pa, halos isang oras at kalahati ang nakararaan. Iyo pong paulit-ulit na sinabi, ‘Maglakad,’ at ito lamang ang tanging bagay na nadatnan ko. At sinabi ng ginang na Iyong . . . nakita na niya ang pagdating ko. Kung ’yun—kung Ikaw ’yun, Panginoon, magyari po na hindi ko alam ang gagawin ko kundi ipatong ang aking mga kamay sa binatilyong ito.”

183 Tapos sabi nung binatilyo, “Oh, mama,” sabi, “nagliliwanag na rito ngayon.” At mga limang minuto mismo mula noon,

nakaupo na ang binatilyo sa gilid ng higaan, na ang kanyang mga bisig ay nakayakap sa kanyang nanay.

184 Lumabas na ako, nagmadali na akong tumakbo at sumakay ng taksi, at nagmadali papunta sa hotel para kunin ang maleta ko. At sa isip-isip ko ay magtutungo ako roon at maghihintay na lang, marahil isang araw o dalawang araw pa ang hihintayin ko. Alam n'yo naman kung gaanong kahirap pagkatapos ng gera na makasakay ng eroplano, kaya sa isip-isip ko, "Maghihintay pa siguro ako nito nang dalawang araw."

185 At sumakay ako sa taksi at tumakbo na ako mismo dun, sa paliparan. Pagkarating ko roon, inanunsyo na nila, "Lipad bilang 196 patungong Louisville, Kentucky, paalis na ngayon." Hindi pinalipad ng Diyos ang eroplano na 'yun para sa akin, ganoon nga. Oh, naniniwala nga ako!

186 Mga dalawang taon pagkatapos nun, ako'y naglalakbay noon sakay sa tren, papunta sa Arizona, papunta kina Kapatid na Sharrit, doon sa isang pagtitipon. At mangyari na sinundo ako ni Kapatid na Moore at sila. At kaya sa pagpunta ko roon, huminto muna ako roon sa Memphis. At tumigil ang tren, siguro'y alam n'yo lahat kung papaanong tumatahak 'yun pakanluran nang paganito, at pagkatapos ibabaling nila pabalik at isasampa roon sa paikot na bilog at ipapatay ang makina.

187 At 'yung mga pinalamanang tinapay sa tren, ang benta nila roon ay mga animnapung sentimo kada isang piraso. At makakabili ako nun sa halagang sampu, labing-limang sentimo, alam n'yo, sa labas sa ibang lugar. At hinintay ko lang na huminto ang tren, para makabili ng mga pinalamanang tinapay. Papunta na ako't bibili ng ha- . . . supot ng hamburger, at sadyang magdiwang sa dako roon. Kaya bumaba na ako't tumakbo roon nang saglit, para makabili ng hamburger sa isang puwesto roon; patingin-tingin ako sa paligid, mga tatlungung minuto kasing hihinto ang tren.

188 At kaya ako'y—ako'y nagtungo na't bumili ng hamburger, at may narinig ako na nagsabi, "Kumusta kayo, riyon, Parson!" At tumingin-tingin ako sa paligid, may munting nakasumbero ng pula, nakatayo roon na pakurap-kurap ng mata, alam n'yo, sabi, "Hindi mo po ako nakikilala, siyanga ba?"

"Sa palagay ko hindi, iho."

Lumapit siya, sabi, "Tingnan n'yo po akong maigi!"

Tapos sabi ko, "Ganoon ba?" Sabi ko, "Sa palagay ko hindi talaga kita nakikilala."

Sabi niya, "Nakikilala po kita!" Sabi, "Kayo si Parson Branham!"

Tapos sabi ko, "Oo, tama." Sabi ko, "Nakadalo ka na marahil sa isa sa mga pagtitipon ko?"

Sabi, “Hindi, po!” Sabi, “Naalala mo po ba ’yung umaga na nagtungo kayo sa bahay at ang aking nanay ay nag- . . . ?”

“Oh!” Sabi ko, “Ikaw pala ’yun!”

Sabi, “Opo, ako nga! Opo, ako nga!” Sabi, “Parson,” sabi, “Gumaling ako, nang husto’t, magaling na magaling talaga. At hindi lang po ’yun, pero ako po’y isang Cristiano na ngayon!”

<sup>189</sup> Purihin ang Panginoon! Oh!

They were gathered in the upper room,  
All praying in His Name,  
They were baptized with the Holy Ghost,  
And power for service came;  
Now what He did for them that day  
He’ll do for you the same, (Hindi ba’t  
nagagalak kayo?)  
I’m so glad that I can say I’m one of them.

One of them, one of them,  
I’m so glad that I can say I’m one of them,  
Hallelujah!  
One of them, I’m one of them,  
I’m so glad that I can say I’m one of them.

Wala silang malakihang mga edukasyon at mga bagay-bagay:

So these people may not learn to be,  
Or boast of worldly fame,  
They have all received their Pentecost,  
Baptized in Jesus’ Name;  
And are telling now, both far and wide,  
His power is yet the same,  
I’m so glad that I can say I’m one of them.

One of them, I’m one of them,  
I’m so glad that I can say I’m one of them,  
Hallelujah!  
One of them, one of them,  
I’m so glad that I can say I’m one of them.

Come, my brother, seek this blessing  
That will cleanse your heart from sin,  
It will start the joy-bells ringing  
And will keep your soul aflame;  
Oh, it’s burning now within my heart,  
Oh, glory to His Name,  
I’m so glad that I . . .

Ngayon makipagkamay po kayo sa harapan n’yo, sa likuran, at sa paligid:

Oh, one of them, one of them,  
 I'm so glad that I can say I'm one of them,  
 Hallelujah!  
 One of them, one of them,  
 I'm so glad that I can say I'm one of them.  
 One of them, one of them,  
 I'm so glad . . . ? . . .  
 . . . one of them,  
 I'm so glad that I can say I'm one of them.  
 I'm one of them, one of them,  
 I'm so glad that I can say I'm one of them,  
 Hallelujah!  
 One of them, one of them,  
 I'm so glad that I can say I'm one of them.

<sup>190</sup> Ano itong makalumang relihiyon na ito? Nagpasimula ito *rito*, at ito'y diretso na nagpatuloy sa Dugo ni Jesus Cristo. Oh, grabe! Oh, ganoon na lamang ang kagalakan ko dahil sa Ebanghelyo! Oh! Oh, siyanga, po!

It's dripping with blood, yes, it's dripping with blood,  
 This Holy Ghost Gospel is dripping with blood,  
 The blood of disciples (ang mga martir, ang lahat-lahat na), who died for the Truth,  
 This Holy Ghost Gospel is dripping with blood.

Ngayon, anong uri ng Ebanghelyo Ito? Gaya nga nang magpasimula Ito sa Pentecostes, kita n'yo.

The first one to die for this Holy Ghost plan,  
 Was John the Baptist (Kita n'yo, siya'y tumanggap, sa sinapupunan pa lang ng kanyang nanay, alam n'yo). . . died like a man;

Then came the Lord Jesus, they crucified Him,  
 He preached that the Spirit would save men from sin.

Kept dripping with blood, yes, dripping with blood,  
 This Holy Ghost Gospel is dripping with blood,  
 The blood of disciples who died for the Truth,  
 This Holy Ghost Gospel is dripping with blood.

Hinding-hindi n'yo Ito maoorganisa! Huh-uh!

There's Peter and Paul, and John the divine,  
 They gave up their lives so this Gospel could shine;  
 They mingled their blood, with the prophets of old,  
 So the true Word of God could honest be told.



Kept dripping with blood, yes, dripping with  
blood,

This Holy Ghost Gospel is dripping with blood,  
The blood of disciples who died for the Truth,  
This Holy Ghost Gospel kept dripping with  
blood.

There was souls under the altar, crying, “How  
long?”

For the Lord to punish those who’ve done  
wrong;

But there’s going to be more who’ll give their  
life’s blood

For this Holy Ghost Gospel and its crimson  
flood.

Keeps dripping with blood, yes, it’s dripping  
with blood,

This Holy Ghost Gospel is dripping with blood,  
The blood of disciples who died for the Truth,  
This Holy Ghost Gospel is dripping with blood.

<sup>191</sup> Ngayon, mula noong panahon ng Pentecostes, at ng mga martir ng Pentecostes, doon sa iglesia ng Efeso, patungo sa Pergamo, patungo sa Tiatira, patungo sa—sa Sardis, sa Efeso . . . o sa Filadelfia, at hanggang sa Laodicea. At ngayon ano ang ating . . . ano na ang nangyari ngayon? Gaya ng sinabi ng Biblia, pumasok ang lahat, at ang hayop na ito ay babangon sa Estados Unidos.

<sup>192</sup> Naalala n’yo pa ba ’yung pangitain na binasa rito, noong 1933? Akin noong . . . Hindi pa noon natatayo ang simbahan. Hindi ko pa alam kung ano ang pangitain noon, ang tawag ko pa rito noon ay “nawalan ng ulirat.” Isa lamang akong batang-batang Baptist na mangangaral, at kami noo’y . . .

<sup>193</sup> Buong buhay ko ay nakakakita ako ng mga pangitain na ito, at hinihingi ko nga sa sinuman na tumayo at magsabi kung mayroon bang isang beses na ang mga ito’y nabigo. Hindi, hindi nga kailanman! Hindi Ito maaaring mabigo! Kita n’yo? Hindi Ito mabibigo!

<sup>194</sup> At ngayon, at habang pinasisimulan ko noon ang Sunday school ako po’y nawalan ng ulirat. Doon pa kami noon nagdadaos sa lumang bahay ng Mason, sa lugar ni Charlie Kern, munting grupo pa lang kami noon. At nakinita ko si Pangulong Roosevelt na pinangungunahan ang mundo sa isang pandaigdigang digmaan. Hinula! Sabi ko, “At may tatlong ismo: ang Nazi, at ang Fascismo, at Komunismo.” Sabi ko . . . (Ilan dito ang nakakaalala pa?) Sabi ko, “Panatilihin n’yo ang inyong mata sa Komunismo, ang lahat ay tutugaygay roon.” Sabi ko, “Ang Ethiopia, si Mussolini’y pupunta ng Ethiopia, pero mabibigo siya.” Tapos sabi ko, “Tayo sa huli’y sasabak

sa digmaan laban sa Alemanya, pero,” sabi ko “Magkukuta nang husto ang Alemanya, sa isang malaki’t bulto ng semento.” Labing-isang taon ’yun noon bago itayo ang Maginot Line, labing-isang taon.

<sup>195</sup> Sabi ko, “Tapos pagkatapos ng digmaan . . . Tayo’y mananal sa wakas. At pagkatapos ng digmaan, mangyayari nga na ang siyensiya’y mag-iimbento ng dakilang mga bagay.” Tapos sabi ko, “Kapag nagawa nila, gagawa sila ng isang kotse, at ’yung kotse ay patuloy na paliit nang paliit ang hugis.” (Alam n’yo kung anong itsura nila noong ’33.) Ngayon mangyari, ang sabi, “Magiging parang mga itlog ito, mag-iitsurang itlog. Haya’t nakita ko sa isang daang-bayan, sa isang malapad at pangunahing daang-bayan, may kotse roon na bumabagtas na hindi kailangan ng manibela. Kinokontrol ’yun ng kung anong puwersa.” Mayroon na sila nun ngayon.

<sup>196</sup> Sabi ko, “Sa panahon na ’yan . . . Ngayon pahihintulutan nila ang kababaihan na bumoto; at ang kababaihan, sa pagboto, ay mauwi sa . . .” Sabi ko, “Ang bansang ito ay bansa ng babae, ito’y minarkahan ng isang babae. Ito’y babae nga hanggang sa mismong propesiya, sa lahat ng dako; at ang bilang nito ay labing-tatlo saanmang anggulo sa propesiya.” Tapos sabi ko, “Ito’y bansa ng babae, siya’y may kamit na mga kalayaan dito. At kanyang sisirain ito, siya ang kasiraan ng sanlibutan.”

<sup>197</sup> (At, Roy, natanggap ko ang mga liham mo tungkol diyan, na ang dakilang babae na ’yun na . . . “Bawat kasong kriminal . . . Ating . . . Akin ngang ini-Xray ’yun para masuri ngayon: na bawat kasong kriminal na nangyari sa Estados Unidos, may babae na nasa likod nun.” Ganoon nga mismo. Yan ang imoral na kababaihan, kita n’yo, at ganoong mga bagay.)

<sup>198</sup> Ngayon, haya’t pagkatapos ang sabi ko, “Mangyayari nga sa panahon na ’yan, sa panahon na ’yan na ang mga kababaihan ay pahihintulutan na bumoto, at iboboto nila ang maling tao.” Ginawa nga nila ito nitong huling eleksyon lang. Ganoon nga. “Na siyang magpapasimula ng tanggulan. Sa panahon na ’yan mangyayari nga na—na may bantog na babaing babangon sa Estados Unidos, siya’y madadamitan nang napakaganda,” at nilagyan ko ’yun ng panaklong: “(marahil ang iglesyang Katoliko ito).” Kita n’yo? “Yun ang magdadala sa pamamahala sa ibabaw ng kapangyarihan, dadaigin ang iba sa Estados Unidos. Ang babaing ito’y maganda sa paningin, pero siya’y sadyang malupit ang puso.”

<sup>199</sup> Sabi ko, “Pagkatapos tumingin ako uli, at nakinita ko ang Estados Unidos na sumambulat na nagpira-piraso. Wala ngang natira rito.”

<sup>200</sup> Tapos hinula ko pagkatapos. “Ngayon ito, ito nga’y GANITO ANG SABI NG PANGINOON.”

201 At isipin n'yo! Lima sa pitong mga prediksiyon na 'yun, ay nangyari na.

202 Ang iglesya na ang magkokontrol, ang iglesyang Katoliko. At ang pagdating ng pagwawakas ng panahon.

203 Tapos sabi ko, "Nakita ko, mistula ngang mga tuod na natutupok; ang mga bato, sumasambulat; at ang buong Estados Unidos nga'y nagmistulang walang natira, nakatiwangwang nang tulad nun, sa abot ng tanaw ko sa dako kung saan ako nakatayo."

204 Tapos sabi ko, "Hinuhula ko, batay sa takbo ng panahon, ito'y marahil sa pagitan ng '33 at '77." At magkakaroon mismo ng kakila-kilabot na pagpipiga sa pagtugaygay roon.

205 At tayo'y nakaupo nga sa ibabaw ng bariles ng pulbura, mga kaibigan. Ang lahat ay nakaumang na.

206 Oh, pero ang pinagpipitagan nating higit na Makalangit na Ama na Siyang nangako, na Siyang nangako! Hindi ba't kahanga-hanga na maging isang lingkod ni Cristo? Lahat mismo ng mga bagay na Kanyang ipinangako! At isipin n'yo; kamit natin ang pribilehiyo. Siya'y nananahan dito mismo. Siya'y kasama natin ngayon, na napagkikilala ang bawat lihim ng bawat puso, nalalaman ang lahat ng tungkol sa inyo; 'yang nag-aapoy na alab na tumatagos sa ating mga puso, haya't nakikilala tayong lahat, iniibig tayo.

207 At hindi ba't nagagalak kayo na kasama kayo sa minoryang grupo, ngayong gabi, na nanghahawakan sa Pananampalataya? Dahil 'yun ay utos Niya, "Huwag kayong matakot, munting kawan, mabuting kalooban ng Iyong Ama na ibigay sa inyo ang Kaharian. At malibang paikliin ang gawang ito, walang laman ang maliligtas." Kita n'yo, tayo'y nasa kawakasan na ng panahon.

208 Ang mga Pentecostal ay nanlalamig na, sala-sa-init sala-salamig, isinuka na mula sa bibig ng Diyos.

209 Sadyang maliit na lang na munting grupo na hinatak dito, sadyang kakaunti, pero sa munting grupo na 'yan ay darating nga ito: "Narito, ang Nobyong dumarating!" At kapag nangyari na, bawat isa sa mga pagbabantay na ito, bawat bantay ng mga pagbabantay na ito, ay... Alalahanin n'yo, may pitong pagbabantay. At tayo'y *narito* na sa huling pagbabantay. Pero ang bawat isa sa mga birhen na 'yun noon hanggang *ngayon* ay babangon. Amen! Oh, ano 'yun? Ang siya ring Espiritu Santo.

210 Pagkatapos kapag ang iglesya'y nakapasok na... Gaya ng tinalakay natin noong Linggo ng gabi, ay ipakikilala na ni Joseph ang kanyang sarili sa Israel, sa kanyang mga kapatid, pinalabas na niya ang kanyang nobya, ang lahat, at pinabalik sila sa palasyo. At siya'y tatayo na mag-isa kasama ang mga Judio, at magsabi, "Ako si Joseph, na inyong kapatid."

211 Inilagay ito mismo sa Kasulatan kung saan ang sabi nila sila'y magtatalaga ng araw ng pananangis, at ang bawat tahanan ay nananangis mismo.

212 Sabi nila, "Saan Mo po nakuha ang mga pilat na 'yan?"

Sabi, "Sa mga kamay ng. . ."

"Na nasa mga kamay Mo?"

Sabi, "Sa bahay ng Aking mga kaibigan."

213 "Sila na tumusok sa Kanya'y titingin sa Kanya." At hayun Siya na nakatayo, ang Joseph.

214 Sabi Niya, "Huwag. . ." Gaya ng sinabi mismo noon ni Joseph, "Huwag kayong magalit sa mga sari-sarili n'yo, dahil ginawa ito ng Diyos upang mag-adya ng buhay." Ano? Para ang Buhay ng Iglesya, ng Gentil, "Para sa Kanyang Pangalan, isang bayan mula sa mga Gentil."

215 Oh, narito na talaga tayo sa wakas, mga kapatid. Nandito na tayo! Purihin ang Pangalan ng Panginoon! Sige't awitin natin itong mainam na lumang awitin, bilang pentecostal na mga kapatid na lalaki't mga kapatid na babae, na sama-sama. Ngayon, sasabihin n'yo, "Buweno, isa akong Baptist." Pero kung nasa inyo ang Pentecostal na Pagpapala, kayo'y pentecostal. Uhum. Sige. Sige po:

Blest be the tie that binds  
Our hearts in Christian love;  
The fellowship of kindred minds  
Is like to that Above.

216 Ngayon pakinggan n'yo mga kaibigan. Kung mayroon man dito sa kalagitnaan natin, na kung may sinuman sa paglalakbay na ito ng buhay, ay may kaunting kapaitan na pumasok sa inyong puso, (Pakinggan n'yo ako!) iwaksi n'yo na ang bagay na 'yan diyan ngayon din. Iwaksi n'yo, huwag n'yong hayaan na may bagay na. . .

[Isang kapatid na babae ang nagsasalita sa ibang wika. Blangkong bahagi sa teyp. Isang kapatid na lalaki ang nagbibigay ng interpretasyon—Pat.] Amen. [Isang kapatid na lalaki ang nagsasalita sa ibang wika at pagkatapos nagbigay ng interpretasyon.] Amen. Amen.

217 Panginoong Jesus, amin Ka pong pinasasalamatan dahil sa mga mensaheng ito. Kami'y inaantig nito, Panginoon na nalalaman na hindi namin isinawalang-bahala kundi aming pinanatili ang pananampalataya. Oh, dalangin ko, Diyos, na ang Espiritu'y patuloy na mananatili sa iglesya. Iyo pong panatilihin kami na malapit sa isa't isa, Ama. Iyo pong panatilihin kami sa Iyo. At Ikaw po'y lumakad sa kalagitnaan namin, Panginoon, sa huling kandelerong kapanahunan na ito na aming kinabubuhayan. Ikaw po'y maging ang aming Liwanag. Ikaw ay suminag sa amin, sa masalimuot na mga panahon na ito

ng kadiliman, Panginoon, dahil napagtatanto namin na ang *kandelero* at ang mga *bituwinn* ay nangungusap tungkol sa “kadiliman.” At Panginoon, kami’y nagagalak na kami’y mga anak ng Liwanag, na naglalakad sa Liwanag ng Diyos. Kami’y hindi natatali sa sanlibutan gaya ng mga bagay na ito sa lupa, bagkus kami’y Iyong mga anak. Ganoon na lamang po na aming pinasasalamatan Ka para sa mga bagay na ito.

<sup>218</sup> Pinasasalamatan Ka namin para sa pagpapadala ng mga mensaheng ito bilang katibayan ng Iyong Salita. Nawa’y maparangalan Ka sa tuwina sa kalagitnaan namin, Ama. Nawa kami’y Iyong ilayo mula sa lahat ng kapaitan ng mundo. Iyo pong panatilihin kaming banal, na ang aming mga buhay ay dalisay at malinis at banal sa harapan Mo. Ibunsod ang Dugo ni Jesus Cristo na gawin ito para sa bawat isa sa amin, Panginoon. Ikaw po’y magwaglit mula sa amin, kung mayroon mang anumang bagay na hindi tama. Iwaglit Mo po ito mula sa amin, Panginoon. Ito na po ang oras ng pagsisiyasat.

<sup>219</sup> Ang mga pagtitipon na ito ay para sa layunin na ’yan na siyasatin namin ang aming mga puso. Iyong sinabi na ’yung liyab na ’yun sa Iyong mga mata ay, “nasisiyasat at nalalaman ang mga pag-iisip ng puso.” Iyo pong tunay na ginagawa, Ama. At Ikaw po’y mangusap sa amin at pagkatapos ay sabihin sa amin na gawing . . . panatilihin Mo na ang aming mga sarili ay handa para sa oras na ’yun na parating na.

<sup>220</sup> Oh, ganoon na lamang na pinasasalamatan Ka namin para rito, Ama. Gagampanan namin ’yun nang lahat ng nasa sa amin sa pamamagitan ng Iyong biyaya. Amen.


<sup>221</sup> Oh, hindi ba’t iniibig n’yo Siya? Ngayon, kung mayroong baguhan sa kalagitnaan natin, ganoon po ’yun sa pasimula. Noong si Jesus ay narito noon sa lupa, ang sabi Niya, may nagtanong sa Kanya tungkol sa isang kaso ng pagkakasal at diborsyo o kung ano, sabi Niya, “Hindi ganoon ito sa pasimula.” Kinakailangan na bumaling sa pasimula.

<sup>222</sup> Kaya naman kung ang pasimula ay ang Pentecostal na iglesya at Siya ang Puno ng Ubas, tayo’y ang mga sanga, sa tuwina ang Puno na ’yun ay nag-uusbong ng isang iglesya, ’yun nga’y Pentecostal na Iglesya, Pentecostal na sanga; siya ring bagay sa pasimula (Kita n’yo?), sa bawat pagkakataon. Ngayon, maaari kang maghugpong ng ibang mga sanga roon at ’yun ay magbubunga. Magagawa mo nga na kumuha ng isang—isang puno ng dalandan at maghugpong dun ng limon, ’yun nga’y magbubunga ng limon mula sa buhay ng dalandan na ’yun. Maghugpong ng lukban sa tabi nun, at ’yun ay magbubunga ng lukban dahil ’yun ay bungang citro.

<sup>223</sup> Kaya ang mga organisasyon na ito, mga denominasyon at mga bagay-bagay, nakahugpong dun, nag-aangking Cristiano, sila’y nabubuhay sa pamamagitan ng Cristianong buhay.

Ganoon mismo, pero sila'y magbubunga ng denominasyunal na mga bunga. Ganoon nga. Dahil sila'y hinugpong nang paganoon. Pero kung ang sanga na 'yun mismo ay mag-uusbong ng isang . . . o kung ang Puno na 'yun ay mag-uusbong ng isang sanga, 'yun ay magiging . . . isusulat nun ang Aklat ng Mga Gawa ukol sa mga ginawa nito. Ganoon mismo. Dahil 'yun nga ang nangyari noong unang beses. Bawat sanga na iusbong nito ay magbubunga ng mga dalandan, bawat isa. At sinaysay mismo ng Biblia; may labing-dalawang sanga ito.

<sup>224</sup> Oh, ako'y nagagalak na nabubuhay sa ilalim ng sanga na 'yun, hindi ba't kayo rin? Siyanga, po. Oh, kahanga-hanga ito.

<sup>225</sup> Buweno, huwag n'yong kalimutan bukas ng gabi ngayon tungkol sa kapanahunan ng Fila- . . . ng Sardis. Ang . . . ? . . . pag-usbong ng organisasyong Lutheran, si Martin Luther . . . ? . . . 

*ANG KAPANAHUNAN NG IGLESYA NG TIATIRA* TAG60-1208

(The Thyatirean Church Age)

SERYE NG ANG KAPAHAYAGAN UKOL KAY JESUS CRISTO

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Huwebes ng gabi, Disyembre 8, 1960, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2022 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

**VOICE OF GOD RECORDINGS**

P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

[www.branham.org](http://www.branham.org)

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)